ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MARSO 2020

Liahona



BAKIT KAILANGAN NATIN ANG SIMBAHAN

Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa Pamamagitan ng mga Propeta at mga Apostol, pahina 12

Pagtatatag ng Sion, Pagtulong ayon sa Paraan ng Panginoon, pahina 24

Pag-abot ng Ating Banal na Potensyal nang Magkakasama, pahina 18

NARITO
ANG
SIMBAHAN

Salt Lake
Utah



City

LARAWANG KUHA NI JOHN LUKE

Ang sentro ng administrasyon ng Ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon ay natipon sa paligid ng Temple Square, sa gitna ng Salt Lake City. Kabilang sa ilang gusali na dapat puntahan ang:

1. **Church History Library:**
   Imbakan para sa pag-iingat ng kasaysayan ng Simbahan sa mga huling araw.
2. **Church Office Building:**
   Mga pangunahing tanggapan para sa iba't ibang departamento ng Simbahan.
3. **Relief Society Building:**
   Punong-tanggapan para sa mga General Presidency ng Primary, Young Women, at Relief Society.
4. **Church Administration Building:**
   Mga tanggapan para sa Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at ilang miyembro ng Pitumpu.
5. **Joseph Smith Memorial Building:**
   Dating hotel, ngayon ay naglalaman ng isang FamilySearch center, isang teatro para sa mga pelikula ng Simbahan, mga restawran, mga tanggapan ng administrasyon ng Simbahan, at isang chapel.
6. **Salt Lake Temple:**
   Bago ito magsara noong Disyembre 2019 para sa renobasyon, isa ito sa 166 na ginagamit na mga templo sa buong mundo. Ito ay muling bubuksan sa 2024.
7. **North Visitors' Center:**
   Tumutulong sa pagsalubong sa 3 hanggang 5 milyong bisita sa Temple Square taun-taon.
8. **Salt Lake Tabernacle:**
   Tahanan ng Tabernacle Choir at Temple Square.
9. **Church Museum of History and Art:**
   Tumutulong sa pagbabahagi ng kuwento ng Simbahan sa pamamagitan ng sining at mga artifact.
10. **Family History Library:**
    Ang pinakamalaking genealogical library sa buong mundo.
11. **Conference Center:**
    Kasalukuyang pinagdarausan ng pangkalahatang kumperensya, kasya ang 21,000 tao; ginagamit din para sa mga konsiyerto at kultural na pagtatanghal.

Ministering sa Pamamagitan ng Paglilingkod sa Templo
8

Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa Pamamagitan ng mga Propeta at mga Apostol
Pangulong Dallin H. Oaks
12

Mga Katangi-tanging Anak na Babae ng Diyos
Jean B. Bingham
18

At Tinawag ng Panginoon ang Kanyang mga Tao na Sion
Sharon Eubank
24

LARAWANG KUHA NI MATT REIER

Ang mga Pagpapala ng Pagiging Miyembro ng Simbahan

Ngayong taon, ipinagdiriwang natin ang ika-200 anibersaryo ng pagdalaw ng Ama at ng Anak kay Joseph Smith. Sampung taon matapos ang Unang Pangitain, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay inorganisa, naglalaan ng mga ordenansa, mga turo ng ebanghelyo, at awtoridad ng priesthood na kinakailangan para sa ating kaligtasan.

Gayunman, habang lalong nagiging sekular ang mundo, iniisip ng maraming tao kung bakit kailangan ng organisadong relihiyon. Akala nila maaari silang maging malapit sa Diyos nang hindi sumasapi sa isang simbahan. Bagama't totoo na maaari nating madama ang Espiritu ng Panginoon sa maraming lugar, tatalakayin sa isyung ito ng *Liahona* ang ilan sa mga dahilan kung bakit inorganisa ng Panginoon ang Kanyang Simbahan at kung paano iti-nutuon ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan ang ating pag-aaral at pinalalakas ang ating personal na pagtugon sa Kanyang Espiritu para sa ikabubuti natin sa panahong ito.

Tulad ng isinulat ko sa aking artikulo sa pahina 24, sinusunod ng mga miyembro ng Simbahan ang turo ni Propetang Joseph Smith na "pakainin ang nagugutom, damitan ang hubad, . . . aliwin ang nagdurusa, sa simbahan mang ito, o sa iba pa." Sa aking gawain sa Latter-day Saint Charities , saksi ako sa napakalaking kontribusyon ng Simbahan sa mahigit 100 bansa taun-taon. Salamat sa maliliit na donasyon ng mga miyembro ng Simbahan, ang ating mga kapatid sa buong mundo ay nabibiyayaan ng mga kinakailangan sa buhay at higit pa.

Sa pahina 12, ipinaliwanag ni Pangulong Dallin H. Oaks kung bakit pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng mga propeta at mga apostol, at sa pahina 18, nagbahagi si Sister Jean B. Bingham, na kasama kong naglilingkod sa Relief Society General Presidency, ng isang mensahe tungkol sa impluwensya ng kababaihan at kung paano natin matutulungan ang isa't isa na maabot ang ating banal na potensyal sa pamamagitan ng pagtutulungan sa Simbahan.

Nawa'y pagpalain tayo ng Diyos bilang mga indibiduwal at bilang mga tao upang patuloy na makapaglingkod sa isang mas dakila at mas banal na paraan hanggang sa muling pagpa-rito ng Tagapagligtas.

Sister Sharon Eubank
Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

Mga Nilalaman

5 **Ang Pagiging Kabilang sa Simbahan ay Tulad ng . . .**

6 **Mga Larawan ng Pananampalataya:** Ulisses at Emilia Maio—Porto, Portugal

8 **Mga Alituntunin ng Ministering:** Ministering sa Pamamagitan ng Paglilingkod sa Templo

12 **Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa Pamamagitan ng mga Propeta at mga Apostol**
Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Ang organisasyon ng Simbahan ng Panginoon ay palaging ayon sa Kanyang banal na plano.

18 **Mga Katangi-tanging Anak na Babae ng Diyos**
Ni Jean B. Bingham
Lahat ng kababaihan ay may banal na potensyal at layunin.

24 **At Tinawag ng Panginoon ang Kanyang mga Tao na Sion**
Ni Sharon Eubank
Ang gawaing pantao ayon sa paraan ng Diyos ay nagtatatag ng Sion.

28 **Kaya Ito ng Ubon Ward!**
Ni Akanit Sapprasert
Nagsikap nang husto ang isang ward sa Thailand para mapasimba ang lahat.

30 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
Nagbahagi ng patotoo ang mga Banal mula sa Ireland sa sakahan ng pamilya Smith; nagpalakas ng pananampalataya ang kaugnayan kay Joseph Smith; naglakad ang isang pamilya papunta sa simbahan sa gitna ng ulan; pinag-isipan ng isang mag-asawa na may maliliit pang mga anak ang tungkol sa isang bagong tungkulin.

34 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Aklat ni Mormon**
Gamitin ang mga lingguhang artikulong ito upang mapahusay ang pag-aaral mo ng Aklat ni Mormon sa buwang ito.

38 **Ang Aking Notebook sa Kumperensya:** Pangkalahatang Kumperensya ng Oktubre 2019

40 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya:** Inspirasyon sa Pantalan
Ni Afatia Silaga
Nanalangin ang isang ama upang magkasundong muli ang kanyang pamilya pagkatapos ng isang pagtatalo.

Maiikling Babasahin

Suporta sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

Sa Pabalat
Paglalarawan ni David Green

Mga Bahagi

Mga Young Adult

42

Nadaramang hindi ka kabilang? Bilang mga anak ng Diyos, **lahat tayo ay kabilang sa Kanyang Simbahan.** Basahin ang mga kuwento mula sa mga young adult tungkol sa kung paanong **nadama nilang kabilang sila.**



Mga Kabataan

Maghanda para sa kumperensya gamit ang Notebook sa Pangkalahatang Kumperensya.



Mga Bata

Kaibigan

Matutong **manalangin tulad ni Enos**. Basahin ang tungkol sa mga miyembro ng Simbahan sa Samoa.

MGA ARTIKULO NG MARSO NA DIGITAL LAMANG

Natutuhan Kong Itigil ang Masyadong Pag-iisip Tungkol sa Ebanghelyo nang Makilala Ko ang Propeta
Ni Nelesoni Mailei

Ibinahagi ng isang young adult mula sa Australia ang natutuhan niya nang makilala niya si Pangulong Nelson.

Pagbabalik sa Simbahan nang may Suporta ng Ibang Tao
Ni Rachelle Wilson

Ibinahagi ng bata pang miyembrong ito mula sa New Zealand kung ano ang gumawa ng pinakamalaking kaibhan sa kanyang pagbabalik sa Simbahan.

Paano Makakayanan ang Araw ng Linggo bilang Isang Taong Mahiyain
Ni Aspen Stander

Ang pagsisimba ay maaaring makapag-padama ng kalungkutan sa isang taong mahiyain. Ngunit ibinahagi ng young adult na ito kung paano niya iyon nakayanan.

Paano Ko Nalaman na ang Propeta ay Tinatawag at Ginagabayan ng Diyos
Ni Anne Vadly Louis

Ikinuwento ng isang bata pang miyembro mula sa Haiti kung paano naimpluwensyahan ang kanyang patotoo tungkol sa mga buhay na propeta nang makakilala siya ng isang Apostol.

HANAPIN ANG IBA PA

Sa Gospel Library app at sa liahona.ChurchofJesusChrist.org, maaari mong:

- Hanapin ang kasalukuyang isyu.
- Malaman ang nilalaman ng mga artikulong digital lamang.
- Hanapin ang mga nakaraang isyu.
- Isumite ang iyong mga kuwento at feedback.
- Mag-subscribe o magregalo ng subscription sa iba.
- Paghusayin ang iyong pag-aaral gamit ang mga digital tool.
- Ibahagi ang iyong mga paboritong artikulo at video.
- I-download o i-print ang mga artikulo.
- Pakinggan ang iyong mga paboritong artikulo.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Ipadala ang iyong mga tanong at feedback sa liahona@ChurchofJesusChrist.org.

Ipadala ang iyong mga kuwento sa liahona.ChurchofJesusChrist.org o sa:
Liahona, flr. 23
50 E. North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0023, USA

MARSO 2020 TOMO 23 BLG. 3
LIAHONA 16718 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Randy D. Funk

Mga Tagapayo: Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Walter F. González, Larry S. Kacher, Jan E. Newman, Adrián Ochoa, Michael T. Ringwood, Vern P. Stanfill

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng Mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Tagapamahala ng Business: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Katuwang ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Katuwang sa Paglalathala: Camila Castrillón

Pagsulat at Pag-edit: David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Desinyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Aleni Regehr, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala ng Produksyon: Jane Ann Peters

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, José Chavez, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Distribusyon: Nelson Gonzalez

Mailing address: *Liahona*, Fl. 23, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0023, USA.

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng America.

Impormasyon sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.

For Readers in the United States and Canada: March 2020 Vol. 23 No. 3. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.ChurchofJesusChrist.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

ANG PAGIGING KABILANG SA SIMBAHAN AY TULAD NG . . .

Upang makatulong sa paggunita ng ika-200 anibersaryo ng Unang Pangitain, ipinagdiriwang natin sa isyung ito ang mga pagpapala ng pagiging kabilang sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Narito ang tatlong paraan kung paano inilalarawan ng mga lider ng Simbahan ang pagiging kabilang sa Simbahan.

PAGIGING ISANG MONARCH BUTTERFLY

"**Tulad ng mga monarch butterfly,** tayo ay naglalakbay pabalik sa ating tahanan sa langit kung saan muli nating makakapiling ang ating mga Magulang sa Langit. Tulad ng mga paru-paro, tayo ay binigyan ng **mga banal na katangian** na nagbibigay sa atin ng kakayahan na maglakbay sa buhay. . . . Katulad ng mga paru-paro, kung ang mga puso natin ay magkakasama sa pagkakaisa, poprotektahan tayo ng Panginoon . . . at gagawin tayong isang magandang kaleidoscope."

Sister Reyna I. Aburto, Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency, "Matibay na Nangagkakaisa," *Liahona,* Mayo 2018, 78.

PAGIGING ISANG TULONG SA IBA

"**Kapag tinutupad natin** ang ating mga tipan, maaari tayong maiba sa mga tao sa ating kultura at lipunan, pero nabibigyan tayo niyan ng inspirasyon para makaisip ng naiibang mga solusyon, naiibang mga paraan, naiibang mga pagsasagawa. Hindi tayo palaging aakma sa mundo, ngunit ang **pagiging naiiba sa mga positibong paraan ay maaaring makatulong sa ibang taong nahihirapan."**

Sister Sharon Eubank, Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency, "Pagliwanagin ang Inyong Ilaw," *Liahona,* Nob. 2017, 8.

PAGIGING ISANG MANG-AAWIT SA KORO

"**Pinlano ng kalangitan** na hindi magkapare-pareho ang lahat ng mga tinig sa koro ng Diyos. Kailangan ng pagkakaiba-iba—mga soprano at mga alto, mga baritone at mga bass—upang makagawa ng magandang musika. . . .

". . . **Huwag lisanin ang inyong tungkulin sa koro.** Bakit? Sapagkat katangi-tangi kayo; hindi kayo mapapalitan. Pinahihina ng pagkawala ng kahit isang tinig ang bawat mang-aawit sa dakilang koro ng buhay natin, kabilang ang pagkawala ng mga yaong nakadarama na tila hindi sila tanggap ng lipunan o ng Simbahan."

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mga Awiting Naawit at Hindi Naawit," *Liahona,* Mayo 2017, 49, 50.

Ulisses at Emilia Maio

Porto, Portugal

Ang nakababatang kapatid na babae ni Emilia Maio, si Custodia, ay isinilang na may matinding kapansanan. Labinlimang taon na ang nakalipas, tumira si Custodia kasama ni Emilia at ng asawa nito na si Ulisses. Bilang isang pamilya, natutuhan nila na ang di-makasariling paglilingkod sa pamilya ay nagdudulot ng matinding kagalakan.

LESLIE NILSSON, LITRATISTA

Emilia:

Siyempre mahirap sa simula. Kinailangan kong magbitiw sa trabaho para alagaan ang aking kapatid. Gayunpaman, naging pagpapala ito. Nang ikasal kami ni Ulisses, natuklasan namin na hindi kami magkakaroon ng anak. Si Custodia ay tulad ng isang bata na bigay ng Diyos para alagaan namin. Sa maraming paraan, tumutulong siyang mapunan ang kakulangang nadarama namin dahil wala kaming sariling anak. Siya ay mapagmahal at mapagmalasakit. Gustung-gusto niyang tumawa at magsimba. Siya ay isang kagalakan.

Ulisses:

Ang paglilingkod sa aking pamilya ay palaging nagpapalakas sa aking espirituwalidad. Bagama't wala kaming gaanong oras para mapag-isa bilang mag-asawa, malapit kami sa isa't isa pagdating sa espirituwalidad. Malapit kami bilang isang pamilya. Sa lahat ng panahon ay nakikita namin ang impluwensya ng Panginoon na tumutulong sa amin. Nagpakita Siya ng maraming himala sa amin. Talagang pinagpala kami.

TUKLASIN ANG IBA PA

Tingnan ang iba pa tungkol sa paglalakbay ni Emilia na puno ng pananampalataya, pati na ang mga karagdagang larawan, sa online o Gospel Library na bersyon ng artikulong ito sa **ChurchofJesusChrist.org/go/3206.**

Mga Alituntunin ng Ministering

MINISTERING SA PAMAMAGITAN NG PAGLILINGKOD SA TEMPLO

Kapag tinutulungan natin ang iba na matamo ang mga pagpapala ng templo, nagmi-minister o naglilingkod tayo.

Ang pagdalo sa templo ay sulit pagsikapan. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na ang "templo ay mahalaga sa ating kaligtasan at kadakilaan, at gayundin sa ating pamilya. . . .

". . . Kailangan ng bawat isa sa atin ang patuloy na espirituwal na pagpapatatag at pagtuturo na *tanging* sa bahay ng Panginoon makukuha."[1]

Ang pagdalo sa templo ay nangangailangan ng pangangasiwa ng ating oras, mga tungkulin, at mga pinagkukunan, pati na rin ng espirituwal na kahandaan. Naglilingkod tayo kapag tinutukoy natin ang mga balakid na humahadlang sa ating mga kapatid na magpunta sa templo at tinutulungan natin silang makahanap ng mga solusyon.

Ang Templo ay Isang Pagpapala na Maaaring Matamasa ng Sinuman

Naglalakad ang kauuwi lang na missionary na si Meg papunta sa pinto ng Kona Hawaii Temple nang mapansin niya ang isang bata pang babae na mag-isang nakaupo sa labas. Nadama ni Meg na dapat niyang kausapin ang babae, pero hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Kaya itinanong niya kung ano ang kahulugan ng tatu sa bukung-bukong ng babae. Nagpasimula iyon ng isang pag-uusap na naging dahilan para magkuwento ang babaeng si Lani.

Nagkuwento si Lani kay Meg tungkol sa pagsisikap niya na bumalik at maging lubos na aktibo sa Simbahan, sa mababait na miyembro na tumutulong sa kanya, at sa pagnanais niya na mabuklod sa kanya ang kanyang anak na babae balang-araw.

Inanyayahan ni Meg si Lani na pumasok at umupo sa silid-hintayan ng templo kasama niya. Hindi pa sila maaaring makapasok sa pinakaloob ng templo, pero maaari silang pumasok sa bungad nito. Pumayag si Lani, at magkasama silang pumasok sa pinto sa harapan. Pinaupo sila ng isang manggagawa sa templo sa isang mahabang upuan sa ilalim ng isang ipinintang larawan ng Tagapagligtas.

Habang nakaupo sila, bumulong si Lani, "Gusto ko talagang pumasok sa templo ngayon, pero kinabahan ako." Dahil sinunod ni Meg ang Espiritu, nakatulong siya na masagot ang tahimik na panalangin ni Lani.

IBAHAGI ANG IYONG MGA KARANASAN SA MINISTERING

Ipadala sa amin ang iyong mga karanasan sa paglilingkod mo sa iba o sa paglilingkod ng iba sa iyo. Pumunta sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org** at pindutin ang "Submit an Article or Feedback."

Mga Ideya para Matulungan ang mga Taong Walang Temple Recommend

Maaaring mapagpala ng templo maging ang mga hindi pa karapat-dapat para sa temple recommend.

- Ibahagi ang iyong damdamin tungkol sa kung paano ka pinagpala ng Panginoon sa pamamagitan ng gawain sa templo.
- Anyayahan ang isang tao na dumalo sa open house ng templo o magpunta sa visitors' center. Maghanap ng mga open house na malapit nang idaos sa **temples.ChurchofJesusChrist.org**.

BACKGROUND MULA SA GETTY IMAGES; MGA LARAWAN NG TEGUCIGALPA HONDURAS TEMPLE, TIJUANA MEXICO TEMPLE, ROME ITALY TEMPLE VISITORS' CENTER

Gawing Mas Madali para sa Iba ang Pagdalo sa Templo

Maging para sa mga miyembrong may temple recommend, maaaring maging mahirap ang pagdalo sa templo. Maaaring kailangang magbiyahe nang malayo ang ilan. Maaaring ang iba naman ay may maliliit na anak o matatandang kapamilya na nangangailangan ng pag-aaruga. Maaari tayong magtulungan upang maging posible para sa lahat ang pagdalo sa templo.

Nahirapan si Leola Chandler sa pag-aalaga ng kanyang maysakit na asawa at kanilang apat na anak. Kaya nagpasiya siyang maglaan ng oras tuwing Martes para dumalo sa isang templo na malapit sa kanila. Ito ang pinaghuhugutan niya ng kapayapaan at lakas sa kanyang buhay.

Isang araw ay narinig niya na gustung-gusto ng ilang matatandang kababaihan sa kanyang ward na dumalo sa templo, ngunit wala silang masakyan papunta roon. Nag-alok si Leola na isabay sila. Nang sumunod na 40 taon, bihira siyang magpunta sa templo nang mag-isa.[2]

Pinagpala si Leola, at natulungan niya ang iba nang mag-alok siya na isabay sila papunta sa templo.

Mga Ideya para Matulungan ang Iba na Makapunta sa Templo

Paano mo matutulungan ang iba na makapunta sa templo nang mas madalas? Maaaring makatulong din sa iyo ang mga ideyang ito.

- Pumunta nang magkasama. Mag-alok na isabay o ipaghanda ng sasakyan ang isang tao. Maaaring makahikayat ito sa iba na dumalo rin sa templo.
- Hilingin sa mga miyembro ng iyong pamilya o ward na tulungan ka na magsagawa ng mga ordenansa para sa iyong mga ninuno, lalo na kapag marami kang pangalan ng mga kapamilya na handa na para sa mga ordenansa.
- Mag-alok na magbantay ng mga bata para makadalo sa templo ang mga magulang. O kaya nama'y magsalitan sa pagbabantay ng mga anak ng isa't isa. (Para sa mga karagdagang ideya, basahin ang "Pinasimpleng Temple Night: 6 na Tip Para Gawing mas Madali ang mga Temple Trip" [artikulong digital lamang], *Liahona*, Ene. 2018.)

Maaari mong i-scan ang QR code na ito para mabasa ang "Pinasimpleng Temple Night: 6 na Tip Para Gawing mas Madali ang mga Temple Trip."

LARAWAN NG HARAPAN NG LOS ANGELES CALIFORNIA TEMPLE NA KUHA NI JERRY L. GARNS; MGA LARAWAN NG WASHINGTON D.C. TEMPLE, CONCEPCIÓN CHILE TEMPLE, SAN DIEGO CALIFORNIA TEMPLE, IBABA: MESA ARIZONA TEMPLE

Kapag Malayo ang Templo

Nagpasiya sina Chandras "Roshan" at Sheron Antony ng Colombo, Sri Lanka, na mabuklod sa templo. Sobrang saya ng kanilang mga kaibigan na sina Ann at Anton Kumarasamy para sa kanila. Ngunit alam nila na ang pagpunta sa Manila Philippines Temple ay hindi madali at hindi mura ang pamasahe.

Inipon nina Roshan at Sheron ang kanilang pera at maaga silang bumili ng tiket sa eroplano para makamura. Sa wakas, dumating ang araw na iyon. Gayunman, nang mag-layover o lumapag sila sa Malaysia, nalaman nila na para patuloy na makabiyahe papunta sa Pilipinas, kailangan nilang kumuha ng visa o sumakay sa ibang eroplano. Imposibleng makakuha ng visa, at wala silang pambili ng tiket sa ibang eroplano. Ngunit hindi nila maatim na umuwi nang hindi nabubuklod sa templo.

Hindi sigurado kung ano ang gagawin, tinawagan ni Roshan si Anton. Gustung-gustong tumulong nina Anton at Ann. Isa sila sa iilang mag-asawa sa Sri Lanka na nabuklod sa templo, at alam nila na malaking pagpapala ito. Ngunit naubos na ang naipon nila kamakailan sa pagtulong sa isang kapamilya na nangangailangan, at wala silang sapat na pera para tulungan sina Roshan at Sheron na bumili ng panibagong tiket sa eroplano.

Tradisyon sa Sri Lanka na bilhan ng lalaking ikakasal ang babaeng ikakasal ng isang gintong kuwintas para may pera siya kung mamatay ang kanyang asawa. Nagpasiya si Ann na ipagbili ang kanyang kuwintas para makatulong sa pagbili ng panibagong tiket. Dahil sa kanyang bukas-palad na regalo, nakarating sa takdang oras sina Roshan at Sheron sa templo sa Manila.

"Alam ko ang kahalagahan ng pagbubuklod sa templo," sabi ni Ann. "Alam kong magiging malakas na impluwensya sa branch sina Sheron at Roshan. Ayaw kong mapalampas nila ang pagkakataong ito."[3]

Mga Ideya para Matulungan ang mga Taong Hindi Makapunta sa Templo

Maaari kang tawagin na mag-minister o maglingkod sa mga taong hindi makapunta sa templo nang madalas o talagang hindi nakakapunta sa templo dahil sa layo at mahal ng pamasahe. Ngunit maaari ka pa ring maghanap ng mga paraan para matulungan sila na mapahalagahan ang mga pagpapala ng templo.

- Magturo o sama-samang makilahok sa klase sa temple preparation o family history.
- Bigyan sila ng isang larawan ng templo na maisasabit sa kanilang tahanan.
- Kung nakapasok ka na sa templo, ibahagi ang iyong damdamin tungkol sa iyong karanasan at magpatotoo tungkol sa mga ordenansa ng templo.
- Tulungan silang malaman ang iba pa tungkol sa mga tipang ginawa nila at kung paano ito tutuparin. Maaari mong gamitin ang "Pag-unawa sa Ating mga Tipan sa Diyos: Buod ng Ating Pinakamahahalagang Pangako," sa Hulyo 2012 *Liahona*. ■

Maaari mong i-scan ang QR code na ito para mabasa ang "Pag-unawa sa Ating mga Tipan sa Diyos."

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw," *Liahona,* Nob. 2018, 114.
2. Tingnan sa LaRene Gaunt, "Finding Joy in Temple Service," *Ensign,* Okt. 1994, 8.
3. Naibalik kina Ann at Anton ang kanilang kuwintas pagkatapos silang ma-reimburse ng General Temple Patron Assistance Fund ng Simbahan, na nagbibigay ng minsanang pinansiyal na tulong sa mga miyembro ng Simbahan na hindi sana makakayang dumalo sa templo kung wala ito.

Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa Pamamagitan ng

mga Propeta at mga Apostol



Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Paunawa ng patnugot: Itinuro ni Pangulong Oaks na inorganisa ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan upang tulungan ang mga anak ng Diyos na maging karapat-dapat para sa kadakilaan. Tinatalakay sa artikulong ito kung paano isinasakatuparan ng Panginoon ang layuning iyon sa pamamagitan ng mga propeta at mga apostol na may awtoridad na kumilos sa Kanyang pangalan.

Ang gawain ng Panginoon ay nangangailangan ng isang organisasyon na pinamumunuan ng Panginoon sa pamamagitan ng mga lider na Kanyang pinili at binigyan ng awtoridad at na Kanyang ginagabayan sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga layunin. Ipinapakita sa kasaysayan sa banal na kasulatan na ang mga lider na iyon ay isang propeta o kaya'y mga propeta at mga apostol. Ito ang huwaran noong panahon ng pinagtipanang Israel at noong kalagitnaan ng panahon, at nagpapatuloy ito sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo.

Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang mga Tao sa Pamamagitan ng Isang Organisasyon

Ang layunin ng ating Ama sa Langit ay "ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan" ng Kanyang mga anak na lalaki at mga anak na babae (Moises 1:39). Sa dispensasyong ito, isinasakatuparan Niya ito sa pamamagitan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na ang layunin ay "tulungan ang mga indibiduwal at pamilya na maging karapat-dapat para sa kadakilaan."[1]

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na "ang tatlong dakilang tungkulin na ibinigay sa Simbahan [ay] una, ipangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mga tao sa mundo; pangalawa, ipatupad ang ebanghelyong iyon sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan; at pangatlo, ipaabot ang mga pagpapala nito sa pamamagitan ng mga ordenansang gagawin para sa mga yaong nasa kabilang-buhay."[2]

Sa ating panahon, marami ang tila nagnanais ng espirituwalidad o relihiyon ngunit inaakala nila na matatamo nila ito nang walang anumang organisasyong pangrelihiyon. Binabalewala ng mga taong nag-aakalang matatamo nila ito nang walang pormal na organisasyon ang nakatalang kasaysayan tungkol sa itinatag ng Panginoong Jesucristo upang matiyak ang pagpapatuloy at pagiging epektibo ng Kanyang ebanghelyo at mga turo. Tulad ng ipinaalala sa atin ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang di-malilimutang pangkalahatang kumperensya limang taon na ang nakararaan, "Sa kalagitnaan ng panahon, itinatag ni Jesus ang Kanyang gawain sa paraan na maitatatag ang ebanghelyo nang sabay-sabay sa maraming bansa at sa iba't ibang mga tao."[3] Kabilang sa organisasyong iyon ang mga Apostol at ang iba pang mga lider na inilarawan sa Bagong Tipan.

Bakit kinakailangan ng isang organisasyon upang maisakatuparan ang mga layunin ng Panginoon? Bagama't mahal tayo ng Tagapagligtas at tinutulungan Niya ang bawat isa sa atin, upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin para sa lahat ng anak ng Diyos—lalo na sa Kanyang mga pinagtipanang tao—kumikilos Siya sa pamamagitan ng

Ang organisasyon ng Simbahan ni Jesucristo ay dapat magkaroon ng mga lider na pinili Niya at binigyan ng kapangyarihan at awtoridad na ipahayag ang Kanyang kalooban sa Kanyang mga tao.

30 AD SI **JESUCRISTO** at ANG LABINDALAWANG APOSTOL

isang organisasyon na pinamumunuan ng mga propeta at mga apostol.

Tanging sa pamamagitan lamang ng isang organisasyon matatanggap ng bawat miyembro ng tinatawag ni Apostol Pablo na "katawan ni Cristo" (I Mga Taga Corinto 12:27) ang mga pagkakataong kinakailangan nila para makamtan ang espirituwal na pag-unlad na siyang layunin ng kanilang pagkalikha. At tanging isang organisasyon na may iba-ibang talento at sari-saring pagsisikap ang makatatamo ng yaong kinakailangan para maisakatuparan ang gawain ng Panginoon.

Kabilang sa mga bagay na maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng mga organisadong grupo ng mga nananampalataya ay ang pagsisikap na tulungan ang mga maralita, ang pagpapahayag ng ebanghelyo sa buong mundo, at ang pagtatayo at pagpapanatili ng mga templo. Sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang layunin ng Diyos sa pagtitipon ng Kanyang mga tao ay "upang magtayo ng bahay para sa Panginoon kung saan maihahayag Niya . . . ang mga ordenansa ng Kanyang bahay at ang mga kaluwalhatian ng Kanyang kaharian, at maituturo sa mga tao ang daan tungo sa kaligtasan."[4]

Kinakailangan din ng isang organisasyon para masunod ang utos ng Panginoon na "maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin" (Doktrina at mga Tipan 38:27). Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, ng Unang Panguluhan, na hindi natin matatamo ang pagiging isa na iyon—ang pagkakaisang iyon—bilang mga indibiduwal. "Kailangan natin itong hangarin at maging karapat-dapat tayo para rito kasama ang iba. Hindi nakakagulat kung gayon," sabi niya, "na hinihimok tayo ng Diyos na magtipon upang mapagpala Niya tayo."[5]

Kinakailangan ding maranasan ng bawat nananampalataya ang relihiyon sa pamamagitan ng isang organisasyong pangrelihiyon dahil sa paraan lamang na ito tayo awtorisadong masasaway o mapaparusahan para sa mga kasalanan at pagkakamali. Ang pagpaparusang iyon ay kinakailangan para sa ating espirituwal na pag-unlad (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 136:31; 101:4–5; tingnan din sa Mosias 23:21–22).

Nagbigay si Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng isa pang dahilan kung bakit kinakailangang mag-organisa ng relihiyon o ng mga espirituwal na tao: "dahil ang indibiduwal na kabutihan ay hindi sapat sa paglaban sa kasamaan."[6]

Ang Ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ay Pinamamahalaan ng mga Propeta at mga Apostol

Ang organisasyon ng Simbahan ni Jesucristo ay dapat magkaroon ng mga lider na pinili Niya at binigyan ng kapangyarihan at awtoridad na ipahayag ang Kanyang kalooban sa Kanyang mga tao.

"Ako'y hindi ninyo hinirang," itinuro ng Tagapagligtas, "nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga" (Juan 15:16). Malinaw sa Biblia kung sino ang pumipili ng mga propeta at mga apostol. Sa Lumang Tipan, makikita ito nang malinaw sa pagtawag kina Moises at Samuel at sa Bagong Tipan, makikita ito sa pagtawag sa Labindalawang Apostol at kay Apostol Pablo (tingnan sa Exodo 3; I Samuel 3; Marcos 3; Mga Gawa 9). Ang mga lider na ito ay hindi nagboluntaryo, at hindi sila inihalal ng mga mananampalataya.

Ipinapakita rin sa Biblia na ang mga lider ng relihiyon ay dapat magkaroon ng awtoridad ng priesthood ng Diyos, na iginagawad sa pamamagitan ng isang taong nagtataglay ng awtoridad na iyon. Ang mga paglalarawan ng Biblia tungkol sa pagtawag at pagbibigay ng awtoridad kay Aaron, sa mga miyembro ng Labindalawang Apostol, at sa Pitumpu ay naglalarawan sa alituntuning ito (tingnan sa Exodo 28:1–4; Marcos 3:14–15; Lucas 10:1, 17). Ang awtoridad ng priesthood ay hindi nagmula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan o sa hangaring maglingkod. At ang ordinasyon na

CHRIST ORDAINING THE TWELVE APOSTLES, NI HARRY ANDERSON PAGLALARAWAN NI DAN BURR KAY JOSEPH AT SA MGA APOSTOL

1835 SI **JOSEPH SMITH** at ANG LABINDALAWANG APOSTOL

NGAYON SI **RUSSELL M. NELSON** at ANG LABINDALAWANG APOSTOL

nagkakaloob ng awtoridad ng priesthood ay nagmumula sa mga lider ng Simbahan, at ipinapaalam ito sa mga tao (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:11).

Sa Lumang Tipan, ang mga espirituwal na lider ay *mga propeta*. Inilarawan sila sa tatlong magkakaibang tungkulin. Ang ilan ay mga banal na tao na nagsasagawa ng gawain ng propeta para sa kanilang mga inapo, tulad ni Abraham. Ang ilan ay mga lider na namumuno sa pamahalaan at bilang saserdote, tulad nina Moises at Josue. Ginagampanan ng karamihan ang kanilang tungkulin bilang propeta, hiwalay sa kanilang tungkulin sa pamilya at sa pamahalaan, tulad nina Samuel at Isaias. Nakasaad din sa Aklat ni Mormon ang tatlong tungkulin ng mga propeta, tulad ng kina Lehi (patriyarka), Haring Benjamin (namumuno sa pamahalaan), at Nakababatang Alma (pagkatapos magbitiw sa kanyang tungkulin bilang punong hukom) (tingnan sa 1 Nephi 1–2; Mosias 1–6; Alma 4–5). Gayunman, malinaw na lahat ng propetang nabuhay bago si Jesucristo ay nanawagan ng pagsisisi sa mga tao, at, higit sa lahat, nagpropesiya tungkol sa pagdating ng Mesiyas.[7]

Ang tungkulin ng Apostol ay unang nabanggit sa Bagong Tipan, noong tumawag ang Tagapagligtas ng mga Apostol nang iorganisa Niya ang Kanyang ministeryo na mangaral, magbinyag, at magpagaling. Isinulat ni Apostol Pablo na ang Simbahan ni Jesucristo ay "itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok" (Mga Taga Efeso 2:20). Tumawag din si Jesus ng mga Pitumpu at isinugo Niya sila upang maglingkod (tingnan sa Lucas 10:1, 17), at pinahintulutan Niya ang pagtawag ng iba pang mga lider, tulad ng mga pastor at mga guro (tingnan sa Mga Taga Efeso 4:11).

Isang mahalagang tungkulin ng mga Apostol sa Simbahan na itinayo ni Jesus ang paghawak ng mga susi ng priesthood. Nang ipangako ng Tagapagligtas kay Apostol Pedro "ang mga susi ng kaharian ng langit," inilarawan Niya ito bilang kapangyarihan na "anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit" (Mateo 16:19). Ibig sabihin, tinitiyak ng mga susi na may bisa sa langit ang mga awtorisadong ginawa ng mga mayhawak ng prieshood sa lupa. Ang mga Apostol na humahawak ng mga susi ng priesthood ay may karapatan at tungkulin na mamuno at mamahala sa mga aktibidad ng priesthood ng Diyos at sa Simbahan ni Jesucristo sa lupa.[8] Kabilang dito ang pagsasagawa at pangangasiwa sa mahahalagang ordenansa ng ebanghelyo.

Bilang bahagi ng kanilang mga responsibilidad, ang mga propeta at mga apostol ay mayroong katungkulan at kaloob bilang propeta na magturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo at magpatotoo bilang "mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (Doktrina at mga Tipan 107:23). Natutukoy nila ang katotohanan at kamalian at may awtoridad sila na sabihing, "Ganito ang sabi ng Panginoon." Ipinahayag ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. (1871–1961), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na ang mga apostol "ay may karapatan, kapangyarihan, at awtoridad na ipahayag ang kalooban at kagustuhan ng Diyos sa kanyang mga tao, sa ilalim ng buong kapangyarihan at awtoridad ng Pangulo ng Simbahan."[9]

Bilang mga tagapaglingkod ng Ama at ng Anak, ang mga apostol at mga propeta ay nagtuturo at nagpapayo ayon sa patnubay ng Espiritu Santo, nang walang ibang hangarin kundi ang magsalita ng katotohanan at hikayatin ang lahat na tahakin ang landas patungo sa mga pagpapala ng Diyos, kabilang ang Kanyang pangunahing hangarin para sa lahat ng Kanyang mga anak: buhay na walang hanggan, ang "pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 14:7). Mapagkakatiwalaan ang kanilang mga tinig.

Sinabi ni Pangulong M. Russell Ballard, Gumaganap na Pangulo ng Labindalawang Apostol: "Sa mundo ngayon, kung saan 24 oras kada araw ay nagbabahagi ng magkakasalungat na opinyon ang mga komentarista sa telebisyon at radyo, kung saan nagpapaligsahan ang mga negosyante para sa lahat ng bagay mula sa inyong pera hanggang sa inyong

boto, mayroong isang malinaw, dalisay, at walang kinikilingang tinig na palagi ninyong mapagkakatiwalaan. At iyon ang tinig ng buhay na propeta at ng mga apostol. Ang tanging layunin nila ay ang 'walang hanggang kapakanan ng inyong mga kaluluwa' (2 Ne. 2:30)."[10]

Ang daan tungo sa mga turo ng mga apostol at mga propeta ay isang pagpapala at isang malaking pananagutan. Ang pagpapala ay ang nakahandang daan tungo sa mga bagay na nais ng Panginoon na marinig natin. Dahil sa daang ito tungo sa mga turo ng Panginoon, may pananagutan tayo na pakinggan at sundin ang mga turong iyon. Sa kasamaang-palad, hindi natutupad ng ilang mananampalataya ang pananagutang ito. Hindi nakapagtataka na hindi tinatanggap ng marami sa mundo ang katotohanan na binibigyan ng Diyos ang mga apostol at mga propeta ng awtoridad at inspirasyon na mangusap sa Kanyang pangalan. At hindi tinatanggap ng mas maraming tao ang mga propeta at mga apostol dahil itinatatwa nila na mayroong Diyos o na mayroon talagang tama at mali.

Sa kabutihang-palad, marami rin naman ang pumipiling maniwala at sumunod sa mga turo ng mga propeta. Natatanggap nila ang mga ipinangakong pagpapala. Ganito ang itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: "Ang huwarang matagal nang itinakda ng Diyos sa pagtuturo ng Kanyang mga anak sa pamamagitan ng mga propeta ay nagbibigay sa atin ng katiyakan na pagpapalain Niya ang bawat propeta at pagpapalain Niya ang mga nangangailangan ng payo ng propeta."[11]

Mayroong isang malinaw, dalisay, at walang kinikilingang tinig na palagi ninyong mapagkakatiwalaan. At iyon ang tinig ng buhay na propeta at ng mga apostol.

Ang mga Propeta at mga Apostol ay Kumikilos sa Pamamagitan ng mga Konseho

Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng mga propeta (marami) at mga apostol (marami), habang kumikilos sila sa pamamagitan ng mga konseho. Maraming halimbawa nito.

Tumatawag ang Panginoon ng isang propeta upang pasimulan ang isang bagong dispensasyon. Pagkatapos, kapag ang bagong pagpapanumbalik na iyon ay umunlad at sumulong, ihahayag ang mga doktrina at mga tuntunin para sa grupo sa pamamagitan ng isang organisasyon na pinamumunuan ng mga apostol at mga propeta. Kaya, nang umunlad at sumulong ang ipinanumbalik na Simbahan sa huling dispensasyong ito, inihayag ng Panginoon na ang mga pinakamahalagang gawain at pinakamahirap na pagpapasiya ay dapat gawin ng konseho ng Unang Panguluhan at Labindalawang Apostol (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:78–79). Doon, ang lahat ng pasiya ay "kinakailangang sa pamamagitan ng nagkakaisang tinig ng naturan" (Doktrina at mga Tipan 107:27). Kung hindi, ang kanilang mga pasiya "ay walang karapatan sa gayunding mga pagpapala na siyang mga pasiya ng korum ng tatlong pangulo noong sinauna" (Doktrina at mga Tipan 107:29).

Lahat ng ito ay nagpapakita ng utos ng Panginoon na ang Kanyang Simbahan ay dapat pamahalaan ng mga konseho ng mga apostol at mga propeta. Pinoprotektahan at isinusulong nito ang pagkakaisa na mahalaga sa Simbahan ng Panginoon.

"Inihayag ng Panginoon sa pagsisimula ng gawaing ito na dapat magkaroon ng tatlong mataas na mga saserdote na mamumuno sa Mataas na Pagkasaserdote ng kanyang Simbahan at sa buong Simbahan," turo ni Pangulong Joseph F. Smith

(1838–1918) sa pangkalahatang kumperensya kung saan sinang-ayunan siya bilang Pangulo ng Simbahan.[12] Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng *tatlong* mataas na mga saserdote sa panguluhan sa pamamagitan ng paghahayag "na hindi tama para sa isang tao na gamitin ang lahat ng awtoridad at kapangyarihan ng panguluhan sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[13] Dagdag pa niya, "Hindi nilayon ng Panginoon kailanman na iisang tao lamang ang magtaglay ng lahat ng kapangyarihan, at sa kadahilanang iyon ay naglagay siya sa kanyang Simbahan ng mga pangulo, mga apostol, mataas na mga saserdote, mga pitumpu, [atbp.]."[14]

Ang pagbanggit sa marami, *mga propeta* at *mga apostol*, ay makikita rin sa pamilyar na turong ito ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972): "May isang bagay na dapat maging napakalinaw sa ating isipan. Hindi kailanman ililigaw ng Pangulo ng Simbahan, ni ng Unang Panguluhan, ni ng nagkakaisang tinig ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa ang mga Banal o papayuhan ang sanlibutan nang salungat sa isipan at kalooban ng Panginoon."[15]

Upang maging opisyal na doktrina ng Simbahan ni Jesucristo, ang mga indibiduwal na turo ng mga apostol at maging ng mga propeta ay dapat pagtibayin sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng iba pang mga apostol at mga propeta. Ito ay ipinakita sa Biblia sa pagsang-ayon ng mga Apostol nang ilahad ni Pedro ang paghahayag na natanggap niya na ipangaral ang ebanghelyo sa mga gentil (tingnan sa Mga Gawa 11:1, 18). Tulad din nito, nang idulog sa mga Apostol ang usapin kung kinakailangang gawin ang pagtutuli, ipinaalala sa kanila ni Pedro ang kahalagahan ng paghahayag na natanggap niya, at pagkatapos ay sinang-ayunan at inayos ng konseho ang usapin sa pamamagitan ng isang nagpapatunay na liham sa Simbahan (tingnan sa Mga Gawa 15).

Gayon din, sa ipinanumbalik na Simbahan, ang isang doktrina ay hindi maituturing na opisyal na doktrina hangga't hindi ito tinatanggap ng konseho ng Simbahan sa pamamagitan ng batas ng pangkalahatang pagsang-ayon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 26:2, 28:13). Ang alituntuning iyon ay inihayag noong 1830 at sinusunod na mula noon.[16] Ang kaugaliang ito, na hindi sinunod ng mga simbahan sa panahon na tinatawag nating Apostasiya, ay nagpoprotekta sa mga katotohanan ng ebanghelyo upang hindi ito mabago o maimpluwensyahan ng mga ideya o opinyon ng mga tao.

Sa huli, ang mahalagang pagkakaisa sa doktrina ng iba't ibang lider ay napangangalagaan ng patakarang itinakda noon pa man na ang mga bagay na itinanong sa indibiduwal na mga Apostol o iba pang mga awtoridad tungkol sa doktrina o tuntunin na hindi malinaw na nakasaad sa mga banal na kasulatan o hanbuk ay dapat isangguni sa Unang Panguluhan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 124:126).[17]

Ang mga Propeta at mga Apostol ay Nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo

Sa kanyang ministeryo, ganito ang itinuro ni Propetang Joseph Smith: "Tulad ng pagpatnubay ng Diyos kina Abraham, Isaac, at Jacob bilang mga pamilya, at sa mga anak ni Israel bilang isang bansa; tayo man, bilang isang Simbahan, ay dapat magpailalim sa Kanyang patnubay kung gusto nating umunlad, maligtas, at mapalakas."[18]

Inilarawan sa artikulong ito kung paano isinasakatuparan ng Panginoon ang Kanyang gawain sa buong kasaysayan at kung paano nagpapatuloy ang huwaran at paraang ito sa panahon natin ngayon. Tulad ng itinuro ni Apostol Pedro, "pinatotohanan ng lahat ng mga propeta" ang tungkol kay Cristo (Mga Gawa 10:43). Sa ating panahon, patuloy na isinasakatuparan ng Panginoon ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng mga propeta at mga apostol na may awtoridad na kumilos sa Kanyang pangalan upang gawin ang Kanyang gawain na isakatuparan ang buhay na walang hanggan ng tao. ■

MGA TALA

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.2.
2. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 118.
3. D. Todd Christofferson, "Bakit Kailangan ang Simbahan," *Liahona,* Nob. 2015, 108 (ang mensaheng ito ay mahalagang sanggunian para sa bahagi I ng artikulong ito); tingnan din sa David A. Edwards, "We Need Christ's Church," youth.ChurchofJesusChrist.org.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 488.
5. Henry B. Eyring, "Our Hearts Knit as One," *Liahona,* Nob. 2008, 69.
6. Neal A. Maxwell, "Why Not Now?" *Ensign,* Nob 1974, 13.
7. Tingnan sa Bible Dictionary, "Prophet."
8. Tingnan sa *Handbook 2*, 2.2.
9. J. Reuben Clark Jr., sa Boyd K. Packer, "The Twelve Apostles," *Ensign,* Nob. 1996, 6.
10. M. Russell Ballard, sa "Sustaining Our Prophets and Apostles," ChurchofJesusChrist.org; tingnan din sa "Here Am I, Send Me" (debosyonal sa Brigham Young University, Mar. 13, 2001), 5, speeches.byu.edu.
11. *Teachings of Russell M. Nelson* (2018), 305.
12. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 268.
13. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* ika-5 ed. (1939), 176–77.
14. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* 177.
15. Joseph Fielding Smith, "Eternal Keys and the Right to Preside," *Ensign,* Hulyo 1972, 88.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan, pambungad sa bahagi 138; mga paliwanag sa Opisyal na Pahayag 2; at sa Boyd K. Packer, *The Holy Temple* (1980), 202.
17. Tingnan sa James E. Faust, *Reach Up for the Light* (1990), 28–29; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 68:4 at sa paliwanag nito sa Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie (1954), 1:185–86.
18. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith,* 188.



Ang mga larawang ito na ipininta ng kababaihang Banal sa mga Huling Araw ay nagpapakita ng impluwensya at maraming tungkulin ng kababaihan.

200 TAON NG KALIWANAGAN
1820–2020

Ni Jean B. Bingham
Relief Society
General President

Mga Katangi-tanging Anak na Babae ng Diyos

Ang pagsisikap na tumulong sa maliliit at simpleng paraan ay maaaring magpala sa ating pamilya at sa iba sa mga di-karaniwang paraan.

Paunawa ng patnugot: Habang inuunawa natin kung bakit kailangan natin ang Simbahan, ipinaliwanag ni Sister Bingham kung paano nakakatulong sa atin ang pagiging kabilang sa isang organisasyong tulad ng Relief Society para maisakatuparan ang ating banal na potensyal sa pamamagitan ng mga pagkakataong makibahagi nang magkakasama sa gawain ng kaligtasan ng Panginoon.

Karaniwan lamang ang aking kuwento. Habang lumalaki ako, gustung-gusto kong nag-aaral, pero hindi ako kailanman nanguna sa anumang klase. Wala akong maipagmamalaking anumang kahusayan. Tumutugtog ako ng piyano ngunit nahihirapan akong tumugtog ng himno. Mahilig akong magpunta sa mga museo ng sining, ngunit ang aking mga talento sa sining ay hanggang sa pagguhit lang ng kung anu-anong mga disenyo sa aking mga notebook. Kaya kong magtahi ng paldang pwede nang isuot, pero hindi ko kayang magtahi ng terno.

Bagama't nabiyayaan ako ng malusog na katawan at mahilig akong tumakbo sa parke o lumangoy sa lawa, hindi ako sumali sa mga palakasan sa aming paaralan sa anumang antas. Hindi ako kailanman naanyayahan sa sayawan, at hindi ako naging presidente ng anuman. Hindi ako kailanman naging bahagi ng mga sikat na grupo, at isang napakagandang kaibigan ang minsang sumiyasat sa aking hitsura at nagsabing, "Hindi ka magiging maganda, pero pwede kang maging cute." Sa madaling salita, karaniwan lang ako.

Maaaring ganito rin ang nararanasan ng ilan sa inyo, nadaramang karaniwan lang kayo—marahil mas mababa pa kaysa sa karaniwan. Kung tao kayo—at lalo na babae—malamang ay nakaranas na kayo ng mga panahon ng pag-aalinlangan at kawalang pag-asa dahil hindi ninyo naaabot ang lahat ng gusto ninyong maabot.

Ngunit gayunpaman, maging sa aking pagiging karaniwan, nakita ng Ama sa Langit ang aking kahalagahan at tinulungan Niya ako na simulang paghusayin ang mga kakayahan at talento na alam Niyang tutulong sa akin na maging katulad ng nilayon

MAGKAKAPATID NA BABAE, NI KATHERINE RICKS; *MGA KABABAIHANG MAYROONG ANAK AT WALANG ANAK*, NI CAITLIN CONNOLLY; *YAKAP*, NI KATHLEEN PETERSON; *MGA KOMPOSITOR*, NI GAYLYNN RIBEIRA; *MGA NAGLILINGKOD NA ANGHEL*, NI ANNIE HENRIE NADER; *NAALALA*, NI KATHERINE RICKS; *SA MGA TALUKTOK NG MGA BUNDOK NAGSISILIKSO SILA*, NI JENEDY PAIGE; *ALIW*, NI LOUISE PARKER; *PANAHON NG PAGTAKAP*, NI CONNIE LYNN REILLY

Niyang kahinatnan ko. Dapat ninyong malaman na ilalaan ng inyong Ama sa Langit ang lahat ng kailangan *ninyo* upang maging katangi-tangi bilang anak na babae ng Diyos. Bawat isa sa atin ay maaaring maging katangi-tangi dahil sa ating mga di-karaniwang talento at kakayahan.

Hindi tulad sa mundo, sa Kanyang kaharian ay walang tuntungan para sa nagwagi kung saan isa o dalawang tao lamang ang kasya. *Bawat isa* sa Kanyang mga anak na babae ay tinuruan at inihanda at pinagkalooban sa premortal na daigdig ng kahanga-hangang potensyal na maging reyna sa kahariang selestiyal.

Ang Inyong Potensyal para sa Kadakilaan

Ano ang gusto ninyong maisakatuparan sa inyong buhay? Ano ang inyong mga mithiin at hangarin? Kung ang inyong pangmatagalang mithiin ay makapasok sa kahariang selestiyal para mabuhay magpakailanman kasama ang ating mga Magulang sa Langit at ang ating mga mahal na kapamilya, ang matibay na mithiing iyon ang tutulong sa inyo na magawa ang higit sa inaakala ninyong posible ngayon (tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:9).

Mayroon kayong kahanga-hangang potensyal para sa kabutihan dahil kayo ay pinagtipanang anak na babae ng mga Magulang sa Langit. Ang katibayan ng inyong likas na potensyal para sa kadakilaan ay ang simpleng katotohanan na isinilang kayo sa mundo dahil pinili ninyo sa premortal na daigdig na tanggapin ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit at tularan ang halimbawa ng Kanyang Anak na si Jesucristo. At dahil handa si Jesucristo na akuin ang mga kasalanan at mga kahinaan—o mga kakulangan—ng bawat isa sa atin (tingnan sa Alma 7:11–13) at isagawa ang sagradong tungkuling iyon sa pamamagitan ng Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala, nagkaroon tayo ng lubos na pag-asa na maaaring maabot nating lahat ang ating banal na potensyal. Kapag tayo ay gumagawa at tumutupad ng mga sagradong tipan, ipinapakita natin ang ating hangaring isakatuparan ang banal na potensyal na iyon. Alam natin na hindi natin ito magagawa nang mag-isa, ngunit sa pamamagitan ng pagmamahal ng Ama sa Langit at ng biyaya ng Tagapagligtas, magagawa natin ang lahat ng kinakailangan para sa kadakilaan.

Ang kaisipang iyon ang nagpalakas sa akin nang tawagin ako bilang Relief Society General President. Batid ko na wala ako ng lahat ng karunungan at kakayahan para maisagawa ang mga kinakailangan, gayunpaman ako ay napanatag at napalakas ng kaalamang "taglay [ng Diyos] ang lahat ng karunungan, at lahat ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa" (Mosias 4:9) at kung pagsisikapan lamang natin, gagawin ang lahat ng ating makakaya kahit hindi perpekto, ang Panginoon "ay papasa[ating] kanang kamay at sa [ating] kaliwa, . . . at ang [Kanyang] mga anghel ay nasa paligid [natin], upang dalhin [tayo]" (Doktrina at mga Tipan 84:88). Ang tanging hinihingi Niya ay "ang puso at may pagkukusang isipan" (Doktrina at mga Tipan 64:34). Kapag masunurin tayo sa Kanyang mga kautusan, tayo ay mapapalakas upang maisakatuparan ang lahat ng kinakailangang gawin sa buhay na ito gayundin para makapasok sa Kanyang kaharian sa kabilang-buhay. Ang pagpili na maging disipulo ni Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na magkaroon ng malaking impluwensya sa mga nakapaligid sa atin.

ASIN, NI VICKI WALKER; *ANG KALANGITAN AY TUMANGIS KASAMA KO*, NI CAITLIN CONNOLLY; *HAPON NG ARAW NG LINGGO*, NI HEATHER BARRON

Saanman tayo nakatira, anuman ang kalagayan ng ating pamilya, gaano man kalaki ang pera natin sa bangko, o gaano man katagal mula nang maging miyembro tayo ng Simbahan, bawat isa sa atin ay maaaring maging malaking impluwensya para sa kabutihan. Ang pamumuhay nang may integridad sa tahanan at sa komunidad, paggamit ng mahinahong pananalita at hindi pagtataas ng boses sa isang batang mahirap alagaan o katrabahong mahirap pakisamahan, pagpapakita ng inyong mga pamantayan sa pamamagitan ng disenteng pananamit, at paglampas sa inyong personal na antas ng kaginhawaan para makilala ang mga nakatira sa inyong paligid ay ilan lamang sa mga simpleng bagay na magagawa natin na makakaimpluwensya sa iba na paunlarin ang kanilang espirituwal na pamantayan ng pamumuhay.

Alam ng mga taong pamilyar sa kasaysayan ng paninirahan sa mga hangganan ng mga lugar sa iba't ibang dako ng mundo na maraming bayan ang nagsimula sa hindi organisadong pagtitipon ng malulupit na kalalakihang nagdatingan para magnegosyo at maghanap ng suwerte. Nagkaroon lamang ng tunay na pag-unlad na matatawag na sibilisadong pamumuhay nang magdatingan ang maraming kababaihan at magpumilit na magtayo ng mga simbahan at mga paaralan at magtatag ng maayos na kapaligiran.

"Noon pa mang una, umaasa na ang lipunan sa mabuting impluwensya ng kababaihan," sabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Bagama't totoong hindi lang ito ang nakaiimpluwensya nang mabuti sa lipunan, ang pundasyon ng kabutihang laan ng kababaihan ay napatunayang kapakipakinabang sa kapakanan ng lahat. Marahil, dahil lagi naman itong naririyan, ang mabuting impluwensya ng kababaihan ay hindi gaanong napapahalagahan. . . . Isinilang ang kababaihan na may taglay na kabutihan, isang banal na kaloob na nagbibigay sa kanila ng kakayahang magkintal sa puso't isipan ng pananampalataya, katatagan, pakikiramay, at kapinuhan sa pakikipag-ugnayan at sa mga kultura."[1]

Ang kababaihan ay binigyan ng mga espesyal na kakayahan na nagtutulot sa kanila na makita ang mga detalye ng buhay gayon din ang kabuuang layunin ng buhay, nang sabay kadalasan. Tuklasin ang mga kakayahang iyon at gamitin ang mga ito, mahal kong mga kapatid!

Ang Panginoon ay nalulugod sa inyong mga pagsisikap kapag nakatuon kayo sa paglilingkod sa mga anak ng Diyos.

MAGANDANG TIRINTAS, NI LINDA ETHERINGTON; *ORAS PARA SA PAMILYA*, NI JULIE ROGERS; *MAGKAKAPATID NA BABAE*, NI GAYLYNN RIBEIRA

Naaalala ko ang sinabi sa atin ni Pangulong James E. Faust (1920–2007) sa kanyang makapangyarihan ngunit mapagpakumbabang tinig: "Hindi ninyo nalalaman ang kabuuang saklaw ng impluwensya ninyong mga kababaihan. Mas pinababuti ninyong mga kababaihan ang buong sangkatauhan. . . . Dala ng bawat babae ang kanyang natatanging kalakasan sa pamilya at sa Simbahan."[2]

Ano ang Kahulugan sa Inyo ng Relief Society?

Bilang mga adult na babaeng miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kayo at ako ay kabilang sa isa sa mga pinakauna at pinakamalaking organisasyon ng kababaihan sa mundo. Sa mahigit 7.1 milyong miyembro ng Relief Society sa buong mundo, tayo ay may samahan na maaaring maging walang-hanggan.

Ang Relief Society ay hindi lamang basta klase sa araw ng Linggo. Tulad ng itinuro ni Pangulong Faust, ito ay isang kapatiran ng kababaihan na itinatag ng langit. Ito ay isang lugar ng pag-aaral. Ito ay isang organisasyon na ang pangunahing layunin ay pangalagaan ang iba tulad ng nakasaad sa ating sawikain, "Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang."

"Ang pagiging miyembro ng Relief Society . . . ay naglalaan ng isa pang tahanan maliban sa [ating] tahanan sa langit, kung saan maaari [tayong] makihalubilo sa iba na kapareho [natin] ng mga pinaniniwalaan at pinahahalagahan."[3]

Mayroong mga problema at mga hamon sa buhay. Kung nagkaroon kayo ng hindi kasiya-siyang karanasan sa Relief Society, alalahanin na lahat tayo ay natututo pa. Ito ay isang ligtas na lugar para sa kababaihan kung saan makakapagtanong sila at para sa mga taong naghahanap ng identidad at layunin. Ito ay isang lugar na tutulong sa bawat isa sa atin na paghusayin ang ating sarili at umunlad nang magkakasama.

Kung pamilyar kayo sa binagong pahayag ng layunin ng Relief Society, alam ninyo na "ang Relief Society ay tumutulong na ihanda ang kababaihan para sa mga pagpapala ng buhay na walang-hanggan habang pinag-iibayo nila ang pananampalataya nila sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala; [habang] pinalalakas nila ang mga indibiduwal, pamilya, at tahanan sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan; at [habang] nagkakaisa sila sa pagtulong sa mga nangangailangan."[4]

Kaya, una, sinisikap nating maisakatuparan ang ating banal na potensyal. Upang magawa iyon, "tulong-tulong" tayong lahat na mahalin ang iba, na "sa sangkatauhan ay [magkawanggawa]."[5] Nakikibahagi tayo sa gawain ng kaligtasan, na kinapapalooban ng gawaing misyonero ng mga miyembro, pagpapanatili sa mga bagong binyag, pagpapaaktibo sa mga miyembrong hindi gaanong aktibo, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo[6]—lahat ng bagay na ginagawa na ninyo.

Saan Tayo Magsisimula?

Saan at paano natin gagawin ang gawaing ito? Kapag inakbayan natin ang isang mahiyaing babae sa simbahan, kapag tinutulungan natin ang isang dalagang nahihirapan, kapag kumikilos tayo para pakainin at damitan at turuan ang isang bata araw-araw, kapag ibinabahagi natin sa ating kapitbahay kung ano ang nakapagpapasaya sa atin tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo, kapag dumadalo tayo sa templo kahit hindi kumbinyente, kapag sinisikap nating paunlarin ang ating mga talento na may mithiing maging kasangkapan para sa Panginoon—lahat ng mga gawaing ito at ang iba pang simple ngunit makabuluhang paglilingkod ay bahagi ng gawain ng kaligtasan. *Iyon* ang ating misyon, at talagang napakalaki nito,[7] ngunit maaari itong *maisakatuparan* kapag bawat isa sa atin ay may ginagawa—at ipinagpapatuloy ito!

Tulad ng sinabi ni Emma Smith, ang unang Relief Society General President, noong 1842, "May gagawin tayong isang bagay na di karaniwan."[8]

PASASALAMAT NG ANGHEL NI ANNIE HENRIE NADER

Halimbawa, isang abala at bata pang ina sa Arizona, USA ang nag-isip kung ano ang magagawa niya para matulungan ang isang pamilyang refugee na bagong dating sa kanilang komunidad. Hindi nagtagal ay nalaman niya na maaari siyang magbigay ng ilang gamit para sa apartment nila na wala pang laman. Nang bisitahin nilang mag-iina ang pamilya para dalhin ang mga gamit, nalaman niya na walang lalagyan ang ina ng kanyang mga personal na gamit. Alam niya na siya at marami sa kanyang mga kaibigan ay may mga ekstrang lalagyan, kaya nag-post siya ng isang kahilingan sa social media. Ang simpleng simula na iyon ay nagbunga ng isang warehouse na puno ng mga gamit na kinakailangan ng mga pamilyang refugee na bagong dating sa lugar at nakatulong na magkaroon ng magandang samahan ang mga kababaihang ito na magkakaiba ng relihiyon.

Nagpatotoo si Sister Eliza R. Snow, ang pangalawang Relief Society General President, tungkol sa mga pagpapala ng Relief Society: "Kung mayroon mang mga anak na babae o mga ina sa Israel na nakadarama kahit paano na [limitado] ang nagagawa nila, ngayon ay magkakaroon sila ng sapat na pagkakataon na maipakita ang lakas at kakayahan nila sa paggawa ng kabutihan na saganang ipinagkaloob sa kanila."[9]

Kaya, anong di-karaniwang bagay ang pipiliin ninyong gawin? Pumili ng isang bagay ayon sa oras at resources na mayroon kayo. "Huwag kang tumakbo nang mas mabilis o gumawa nang labis kaysa sa iyong lakas at kakayahan . . . ; sa halip maging masigasig" (Doktrina at mga Tipan 10:4). Kung karamihan sa inyong gawain ng kaligtasan ay isinasagawa sa loob ng tahanan sa panahong ito ng inyong buhay o kung ang inyong impluwensya ay umaabot sa iba't ibang dako ng mundo, o anuman sa pagitan nito, ang Panginoon ay nalulugod sa inyong mga pagsisikap kapag nakatuon kayo sa paglilingkod sa mga anak ng Diyos at sa walang-hanggang mithiin na makabalik sa Kanya bilang isang bago at pinaunlad na bersyon ng inyong espirituwal na sarili. Tulad ng malinaw na sinabi ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kadakilaan ang ating mithiin; pagkadisipulo ang ating paglalakbay."[10]

Habang sumusulong tayo sa paglalakbay na ito ng pagkadisipulo, nawa'y piliin ng bawat isa sa atin na tumulong sa maliliit at simpleng paraan na magpapala sa ating pamilya at sa iba sa mga di-karaniwang paraan. Nawa'y pahalagahan natin ang ating samahan sa organisasyong ito na dinisenyo ng langit at kilalanin at sundin natin si Jesucristo, na ang mga turo at perpektong halimbawa ay gagabay sa atin pabalik sa ating Ama sa Langit. ■

Mula sa isang mensaheng ibinigay sa Kumperensya ng Kababaihan sa BYU noong Mayo 5, 2017.

MGA TALA

1. D. Todd Christofferson, "Ang Mabuting Impluwensya ng Kababaihan," *Liahona,* Nob. 2013, 29.
2. James E. Faust, "What It Means to Be a Daughter of God," *Ensign,* Nob. 1999, 102.
3. Tingnan sa James E. Faust, "What It Means to Be a Daughter of God," 100.
4. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.1.1.
5. "Bilang mga Magkakapatid sa Sion," *Mga Himno,* blg. 197.
6. Tingnan sa *Handbook 2,* 5.1.
7. Tingnan sa "Bilang mga Magkakapatid sa Sion," *Mga Himno,* blg. 197.
8. Emma Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 16–17.
9. Eliza R. Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 53.
10. Dieter F. Uchtdorf, "Napakaganda ng Nagagawa Nito!" *Liahona,* Nob. 2015, 23.

Marami tayong simpleng bagay na magagawa na makakaimpluwensya sa iba na paunlarin ang kanilang espirituwal na pamantayan ng pamumuhay.

PANANAMPALATAYA NG ISANG INA, NI KATE LEE; *GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT NG DESERET BOOK COMPANY*; *ANG AKING PANANAMPALATAYA*, NI KWANTPOVI WINDER; *BALANSE SA LAHAT NG BAGAY*, NI EMILY MCPHIE

Ni Sharon Eubank
Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

AT TINAWAG NG PANGINOON ANG KANYANG MGA TAO NA SION

Nawa'y masunod natin ang tagubilin ng propeta na itatag ang Sion—na magkaroon ng isang puso at isang isipan, mamuhay sa kabutihan, at magsikap na walang maralita sa atin.

Paunawa ng patnugot: Bilang miyembro ng Relief Society General Presidency at pangulo ng Latter-day Saint Charities ibinahagi rito ni Sister Eubank ang kanyang natatanging pananaw kung paano makatutulong ang layunin at organisasyon ng Simbahan para magtulungan tayo na maalis ang kahirapan sa ating mga komunidad at sa ating mga puso.

Kapag pumupunta ang mga tao sa Humanitarian Center ng Simbahan sa Salt Lake City, madalas kong hilingin sa kanila na basahin nang malakas ang pahayag ni Joseph Smith na nakasabit sa bulwagan: "[Ang isang miyembro ng Simbahan] ay dapat pakainin ang nagugutom, damitan ang hubad, tulungan ang mga balo, pahirin ang luha ng mga ulila, aliwin ang nagdurusa, sa simbahan mang ito, o sa iba pa, o sa walang kinabibilangang simbahan, saanman niya sila makita."[1]

Ang pahayag na ito ay ibinigay noong panahong lubog sa utang ang Simbahan, inaayos ng mga lider ang titirhan ng mga miyembro sa bagong lugar, at itinatayo ang Nauvoo Temple. Paano kaya naisip ni Propetang Joseph Smith na pangalagaan ang mga maralita ng Simbahang *ito*, pati na rin ang iba pa? Ngunit maging sa napakahirap na kalagayang iyon, naunawaan ni Joseph na ang pangangalaga sa mga nangangailangan ay dapat pagtuunan *palagi* ng pansin ng mga pinagtipanang tao ng Panginoon.

MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Isang Pananaw tungkol sa Sion

Ang inspiradong pagsasalin ng Biblia ay isa sa mga sinimulang gawin ni Joseph matapos maorganisa ang Simbahan noong Abril 1830. Madalas kong isipin kung bakit. Sa kritikal na panahong iyon ng kasaysayan ng Simbahan, bakit niya inuna ang muling pagsasalin ng Genesis? Kilalang-kilala na ang aklat na iyon. Ngunit kalaunan, ang pagsasalin na iyon ay naging aklat ni Moises sa Mahalagang Perlas, na may natatanging detalye ng doktrina na napakahalaga sa makabagong Simbahan.

Inihayag sa mga kabanatang ito ang mga karanasan nina Moises at Enoc, na sa ilang paraan ay talagang natutulad sa sariling karanasan ni Joseph. Bawat propeta ay tinawag ng Panginoon para gumawa ng isang dakilang gawain. Ipinakita ng Panginoon sa bawat isa sa kanila ang Kanyang mga likha upang mas maunawaan nila ang kanilang bahagi sa plano (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76; Moises 1; 7). Maibubuod ang kanilang napakahalagang tungkulin sa sumusunod na paraan: **Tipunin ang Israel bilang isang makasaserdoteng bansa, itatag ang Sion, at maghandang salubungin si Jesucristo.**

Ngunit paano isasakatuparan ang bagay na ito? Nagbigay ng malinaw na sagot si Enoc: "At tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion, sapagkat sila ay may *isang puso* at *isang isipan,* at *namuhay sa kabutihan;* at *walang maralita sa kanila*" (Moises 7:18; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Isang mahalagang bahagi ng misyon ng Simbahan sa mga huling araw ay alisin ang kahirapan na umiiral sa ating mga komunidad at sa ating mga puso; magtatag ng nagkakaisang Sion; at ihanda ang mga tao para sa pagbabalik ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos.

Paglalaan sa Paraan ng Panginoon

Milyun-milyong dolyar ang nagastos ng mga pamahalaan at organisasyon sa huling siglo para maalis ang kahirapan. Ngunit sa kabila ng lahat ng gawaing may mabuting layunin, karamihan sa mga ito ay hindi nagtagumpay at nasayang lamang. Bakit? Dahil di-sinasadyang nagbunga ito ng ugaling palaasa sa halip na kakayahan.

Ang paraan ng Panginoon ay patatagin kapwa ang nagbibigay at ang tumatanggap, tulutan ang mga tao na maging kinatawan ng kanilang sarili, at dakilain ang maralita nang "sa gayon yaong mayayaman ay ibababa" (Doktrina at mga Tipan 104:16). Kung minsan ay tinatawag natin ito na *pagasa sa sarili,* ngunit ang tunay na kahulugan nito ay pagpapalabas ng banal na kapangyarihan na taglay ng lahat ng indibiduwal para lutasin ang kanyang sariling problema sa tulong ng Diyos at magkaroon ng kakayahan kalaunan na maglingkod sa iba.

Mga Halimbawa Noon at Ngayon

Malugod na ginawa ni Joseph Smith ang paglilingkod sa iba sa paraan ng Panginoon. Nagpasiya si James Leach at ang kanyang bayaw, matapos mabigo sa paghahanap ng trabaho sa Nauvoo sa loob ng maraming araw, na humingi ng tulong sa Propeta. Naalala ni James:

"Sabi ko, 'G. Smith, may maibibigay po ba kayong trabaho sa aming dalawa, para may makain kami?' Masaya ang

mukha niya nang tingnan niya kami, at magiliw na sinabing, ‘Buweno, mga ginoo, ano ang kaya ninyong gawin? . . . Kaya n’yo bang gumawa ng kanal?’ Sinabi kong gagawin namin ang lahat ng makakaya namin dito.

“. . . Nang matapos na ito pinuntahan ko siya at sinabing tapos na ito. Pinuntahan niya at tiningnan ito at sinabing, ‘. . . kung ako lamang ang gumawa nito hindi ito ganito kaayos. Ngayon sumama kayo sa akin.’ “Nanguna siya pabalik sa kanyang tindahan, at sinabihan kami na kunin ang pinakamahal na ham o piraso ng karne para sa aming sarili. Dahil nahihiya kami, sinabi kong mas gusto naming siya na lamang ang magbigay sa amin. Kaya’t kinuha niya ang dalawang pinakamalaki at pinakamahal na piraso ng karne at isang sako ng harina para sa bawat isa sa amin, at tinanong kami kung sapat ng kabayaran iyon. Sinabi namin sa kanya na handa kaming magtrabaho pa para dito, subalit sinabi niya, ‘Kung nasiyahan na kayo, mga ginoo, ako rin.’

“Magiliw kaming nagpasalamat sa kanya, at umuwi nang nagagalak dahil sa kabaitan ng Propeta ng ating Diyos.”[2]

Isang makabagong halimbawa ng ganito ring pagbalanse ng bukaspalad na pagtulong at pag-asa sa sarili ang nangyari noong 2013 nang hagupitin ng Typhoon Haiyan o Bagyong Yolanda ang gitnang bahagi ng Pilipinas, na puminsala o sumira sa mahigit isang milyong kabahayan. Sa halip na basta lang mamigay ng tulong, na maaaring magbunga ng ugaling palaasa at pag-aaksaya, gumamit ang Simbahan ng mga alituntunin ng pag-asa sa sarili upang matulungan ang mga apektadong residente na magkaroon ng mga kasanayan na kailangan para makabangong muli. Bumili ng mga materyales para sa pagtatayo ng bahay, at ang mga lokal na lider ng Simbahan ay nangontrata ng mga magtuturo kung paano ito gawin. Ang mga residenteng nangailangan ng bahay ay binigyan ng mga kagamitan, materyal, at pagsasanay, at sila mismo ang nagtayo ng sarili nilang bahay. Tinulungan nila ang kanilang mga kapit-bahay na gayon din ang gawin.

Sa huli, nakatanggap ang bawat kalahok ng isang sertipiko sa pagsasanay na nagpapatunay na natuto sila ng mga bagong kasanayan at karapat-dapat sila para sa mahahalagang pagkakataong makapagtrabaho. Ang tulong na ito na may kalakip na pagsasanay habang nagtatrabaho ay hindi lamang nagtayo ng mga bahay—nagbigay din ito ng kakayahan. Hindi lamang muling pagtatayo ng mga bahay ang nagawa nito—naibalik din nito ang kumpiyansa ng mga tao sa kanilang sarili.[3]

Mahalaga ang Maliliit na Kontribusyon

Hindi natin kailangang maging mayaman para makatulong. Isinulat ng isang binata ang nasaksihan niya tungkol kay Joseph Smith: “Nasa bahay ako ni Joseph noon . . . at ilang kalalakihan ang nakaupo sa bakod. Lumabas si Joseph at nakipag-usap sa aming lahat. Kalaunan isang lalaki ang dumating at nagsabing sinunog kagabi ang bahay ng isang maralitang tao na nakatira di kalayuan sa bayan. Halos lahat ng kalalakihan ay nagsabing nalulungkot sila para sa taong iyon. Dumukot si Joseph ng limang dolyar sa kanyang bulsa at nagsabing, ‘Nalulungkot ako para sa brother na ito at narito ang limang dolyar; gaano kalaki ang nadarama ninyong kalungkutan para sa kanya?’”[4]

Kamakailan ay may nakilala akong 10 taong gulang na batang lalaki mula sa isang lalawigan na ginastos ang kanyang kaunting pera para bumili ng isang voucher na maglalaan ng bakuna sa polio para sa isang bata. Nabasa ng batang lalaki ang tungkol sa mga batang naparalisa dahil sa polio, at hindi niya gustong may iba pang magdusa dahil sa sakit na iyon. Namangha ako kung gaano niya pinag-aralan at pinag-isipan ang kanyang maliit na kontribusyong ito.

Malinaw na may maibibigay ang bawat isa sa atin, anuman ang ating kalagayan, at ang tunay na kahalagahan ng ating kontribusyon ay hindi lamang masusukat sa katumbas nitong pera.

Ang Kapangyarihan ng Pagkakaisa ng mga Puso

Kung taos-puso nating tinutupad ang ating mga tipan, sisikapin ng bawat isa sa atin na magkaroon ng isang puso at isang isipan, na mamuhay sa kabutihan, at na walang maralita sa atin. Pagsasamahin nito ang ating mga puso at makatutulong ito na mabawasan ang mga hindi patas na kalagayan sa mundo. Ngunit may higit pang lakas kapag pinagsama ng mga pinagtipanang tao ang kanilang mga pagsisikap: maaaring magtulungan ang mga pamilya, mga korum, Relief Society, mga klase sa Young Women, at mga stake sa pagtugon sa mga partikular na pangangailangan ng kanilang mga komunidad para lalong magtagumpay.

Pinagsasama ng organisasyong pantao ng Simbahan, ang Latter-day Saint Charities, ang maliliit na pagsisikap para matulungan ang mga taong nangangailangan sa iba't ibang dako ng mundo.[5] Ang mga miyembro ng Simbahan ay bukas-palad na nag-aambag ng oras, pera, at kahusayan. Karamihan sa mga kontribusyong ito ay maliliit: pag-aabot ng kaunting pera o pagboboluntaryo nang ilang oras. Ito ay isang modernong kahalintulad ng lepta ng balo (tingnan sa Marcos 12:41–44); ipinapakita ng tila maliliit na kontribusyong ito kung ano ang magagawa ng mga balo at mga magsasaka at mga 10 taong gulang na batang lalaki kapag pinagsama nila ang kanilang resources at hiniling nila sa Panginoon na palaguin ito (tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:6).

Napakalayo na ng narating natin mula noong mga unang araw ng Simbahan sa pagtatatag ng mga kalagayan para sa Sion, ngunit marami pang dapat gawin. Nawa'y pagpalain ng Diyos ang bawat isa sa atin na hanapin ang mga nangangailangan at gawin ang magagawa natin upang mapagaan ang kanilang mga pasanin at mapalakas ang kanilang kakayahan. At nawa'y pagpalain din Niya ang Kanyang Simbahan na pagsamahin at palakasin ang mga pagsisikap ng bawat isa sa mga miyembro nito nang sa gayon ay masunod ang tagubilin ng propeta na itatag ang Sion—na magkaroon ng isang puso at isang isipan, mamuhay sa kabutihan, at magsikap na walang maralita sa atin—hanggang sa bumalik ang Tagapagligtas. ■

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 500.
2. James Leach, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Mar. 1, 1892, 152–53; ginawang makabago ang pagbabantas; binago ang pagkakahati ng talata.
3. Tingnan sa "Mormon Volunteers Building Homes for Typhoon Haiyan Victims," Peb. 21, 2014, newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
4. Andrew J. Workman, sa "Recollections of the Prophet Joseph Smith," *Juvenile Instructor,* Okt. 15, 1892, 641.
5. Tingnan sa latterdaysaintcharities.org.

Kaya Ito ng Ubon Ward!

Ang mga miyembro ng aming ward ay bihirang magkasama-samang lahat—kahit sa simbahan. Ano ang magagawa namin para mahikayat ang lahat na sama-samang magsimba?

Ni Akanit Sapprasert

Maraming miyembro rito sa Thailand ang nahihirapang magsimba dahil sa mga miting sa paaralan, masamang panahon (karamihan sa aming mga miyembro ay naglalakbay sakay ng motorsiklo), at distansya. Nararanasan ng mga miyembro sa aming ward, ang Ubon Ward, ang mga hamong ito at iba pa, na nagpapahirap sa pagsisimba.

Isang araw ng Linggo, nag-isip ako kung paano namin matutulungan ang mga miyembro na makita ang mga pagpapala ng pananampalatayang magsimba nang sama-sama nang mas madalas. May naisip akong ideya, "Ano kaya kung pumili kami ng isang araw ng Linggo na nakatuon sa pagpapasimba sa lahat ng miyembro sa petsang iyon?" Kung mapapasimba namin ang lahat sa parehong petsa, talagang makikita at madarama ng mga miyembro ang katatagan ng ward.

Nagustuhan ng iba pang mga lider at miyembro sa ward ang ideya at nakibahagi sila sa pagpaplano nito. Nagtakda kami ng isang petsa, Hunyo 17, 2018—ang araw na pinakamalapit sa anibersaryo ng pagkakatatag ng Ubon Thailand Stake—at nagsimulang magpadala ng mga mensahe tungkol dito sa pamamagitan ng social media. Pinamagatan namin ang kaganapan na "Halina't Magsimba Tayo sa Araw ng Linggo sa Parehong Petsa! Pagdalo ng 200 Katao sa Sacrament Meeting—Kaya Ito ng Ubon Ward."

Nakibahagi ang buong ward sa paghikayat sa bawat isa na magsimba. Lahat ay nagpadala ng mga mensahe na naghihikayat sa iba na makibahagi sa kaganapan. Inanyayahan din ng mga miyembro ang mga nagbabalik na miyembro at ang mga kaibigan nilang hindi miyembro. At napakaraming tao ang nagsabing sisimba sila!

Napagtanto namin na higit pa ito sa isang masayang kaganapan para makita kung ilang tao ang magsisimba. Gusto naming maging espesyal na espirituwal na karanasan ito para makatulong na mahikayat ang mga miyembro na gawing prayoridad ang pagdalo sa sacrament meeting. Kaya sa mga buwan bago ang kaganapan, hinikayat ng bishopric ang mga tao na iwasan ang anumang mga aktibidad na maaaring maglihis ng atensyon mula sa kahalagahan ng sakramento o ng pagsamba sa Panginoon.

Gumawa pa kami ng mga bookmark upang matulungan ang mga tao na maalala ang kaganapan at ang Espiritu na alam naming paroroon dahil sa pagsisikap ng lahat na magsimba. Nakalagay sa bookmark ang pangalan ng kaganapan at ang isang banal na kasulatan: "Aking sinabi, Kayo'y mga dios, at kayong lahat ay mga anak ng Kataastaasan" (Awit 82:6). Pinili namin ang banal na kasulatang ito dahil gusto naming maunawaan ng lahat na sila ay mga anak ng Diyos at may potensyal na maging katulad Niya.

Matagal nang nagplano ang mga miyembro para makapagsimba ang lahat sa itinakdang petsa. Sa wakas, dumating ang araw na iyon. Pero nagkaroon din ng mga balakid. Umulan nang malakas sa gabi bago ang araw na itinakda at patuloy na umulan buong magdamag. Ang

isa pang balakid para sa ilang miyembro ay may idinaraos na mahalagang miting sa paaralan kasabay ng oras ng simba.

Hiniling namin sa lahat na manalangin na maalis ang mga balakid na ito. Mga alas-7 ng umaga ng araw ng Linggo, tumigil ang ulan. At pagdating namin sa simbahan, nakita namin ang mga pamilyang kailangang dumalo sa miting ng paaralan. Nang tanungin namin sila tungkol sa isa pa nilang miting, sabi nila, "Dapat muna naming unahin ang sacrament meeting." Napakagandang patotoo niyon para sa akin tungkol sa kahalagahan ng sakramento ng Panginoon.

Nagsama ang mga miyembro ng maraming kaibigan at kapit-bahay sa sacrament meeting. Isang sister sa ward ang nagsama ng walong kaibigan na hindi pa kailanman nakapagsimba! Habang parami nang parami ang mga taong dumarating, kinailangan naming buksan ang divider sa likod. Umabot sa 215 katao ang dumalo sa sacrament meeting! Sa buong miting, nadama kong nasa amin ang Espiritu Santo at tinulungan kami ng Diyos na maging matagumpay ang kaganapang ito.

Pagkatapos ng napakagandang araw ng Linggo na iyon, tumaas ang bilang ng mga taong regular na dumadalo sa sacrament meeting. Kabilang dito ang tatlong mayhawak ng Melchizedek Priesthood na nagsimulang dumalo nang regular kasama ang kanilang mga pamilya. Dalawa sa mga anak ng isang pamilya ang nabinyagan at nakumpirma nang sumunod na buwan.

Nakita ng aming mga lider sa stake ang kabutihang naidulot nito sa aming ward at nagpasiya silang magdaos ng parehong kaganapan. Para sa kaganapan ng stake, nangako ang bawat miyembro sa stake na dadalo sila sa sari-sarili nilang ward sa parehong petsa ng araw ng Linggo. Naging matagumpay rin ang kaganapan sa buong stake—nalaman ko na 208 katao ang dumalo sa isang ward sa aming stake! Lubos akong nagpapasalamat para sa mga biyayang natanggap ko at ng aming ward at ng aming stake dahil sa mga kaganapang ito at para sa Espiritu na nadama namin sa paghahanda at pakikibahagi sa mga ito. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Isan, Thailand.

Ang panahon, distansya, at mga iskedyul sa paaralan ay nakahahadlang sa maraming miyembrong Thai na magsimba, kaya nagpasiya ang Ubon Ward na magtakda ng petsa at maghikayat, sa abot ng makakaya nila, ng maraming tao na magsimba.

"Mahirap na Katotohanan"

Ang New York Pennsylvania Historic Sites Mission ay nag-aalok ng mga natatanging pagkakataon na maibahagi ang ebanghelyo ni Jesucristo. Kami ay naghahanap ng tuturuan, nagtuturo, at nagbibinyag tulad ng iba pang mga missionary, pero nagkaroon din kami ng pambihirang tungkulin na magturo tungkol sa mga sagradong pangyayari na naganap sa mga lugar na ito.

Naglingkod kami sa sakahan ng pamilya Smith, sa lugar kung saan inilathala ang Aklat ni Mormon, sa Hill Cumorah Visitors' Center, at sa sakahan nina Peter at Mary Whitmer. Inilibot namin ang mga bisita sa mga sagradong lugar na ito at tinulungan namin sila na maging mas pamilyar sa kasaysayan at mga pangyayari hinggil sa Pagpapanumbalik.

Isang araw, inilibot naming mag-kompanyon sa sakahan ng pamilya Smith ang isang bata pang pamilya mula sa Ireland. Dalawang taon pa lang silang miyembro.

Habang naroon kami sa muling itinayong bahay na yari sa troso kung saan tumira si Joseph Smith at ang kanyang pamilya noong tagsibol ng 1820, ikinuwento naming magkompanyon ang mahahalagang pangyayari noong kabataan ni Joseph na nag-udyok sa kanya na pumunta sa isang kakahuyan upang manalangin para malaman kung aling simbahan ang dapat niyang sapian. Ikinuwento namin sa kanila ang karanasan ni Joseph nang magpakita sa kanya ang Ama sa Langit at si Jesucristo at sagutin Nila ang kanyang panalangin. Pagkatapos ay tinanong namin kung ano ang naramdaman nila noong una nilang narinig ang tungkol kay Joseph Smith at sa kanyang Unang Pangitain.

Inasahan kong sasabihin nila ang gayon ding sinasabi ng karamihan—na nag-alab ang kanilang mga puso o hindi kaya'y nalaman nila na totoo ito dahil napakalakas ng Espiritu na nadama nila. Sa halip, sinabi nila na nadama nilang isa itong "mahirap na katotohanan." Sandali kaming natigilan dahil sa sagot nila. Hiniling namin sa kanila na ipaliwanag kung ano ang ibig nilang sabihin.

Sinabi nila sa amin na komportable silang namumuhay bago nila narinig ang ebanghelyo, at tila mahirap sa kanila ang ideya ng pagbabago ng nakasanayan nilang pamumuhay. Subalit nang makatanggap sila ng espirituwal na pagpapatibay na totoo ito, alam nila na kailangan nilang baguhin ang uri ng kanilang pamumuhay.

Naantig kami sa kanilang natatangi at taos-pusong patotoo. Dahil talagang may patotoo sila tungkol kay Joseph Smith at sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, handa silang gumawa ng mahihirap na pagbabago sa kanilang buhay at sumapi sa Simbahan. Ginawa nila ito dahil alam nila na ang mga pagbabagong iyon ang pinakamainam na bagay para sa kanilang pamilya!

Talagang mahal ko ang aking misyon. Wala akong alinlangan na ang mga lugar kung saan ako naglingkod ay sagradong lahat. Lahat ng sinabi naming nangyari roon ay totoong nangyari. Ito ay isang himala. ■

Taylor Crofts, Wyoming, USA

Nadama nila na ang Unang Pangitain ay "mahirap na katotohanan." Hiniling namin sa kanila na ipaliwanag kung ano ang ibig nilang sabihin.

PAGLALARAWAN NI CHERYL CHALMERS

Ako ay Naging 14 na Taong Gulang Muli

Habang nag-aasikaso ng negosyo sa Rochester, New York, USA, nagpasiya akong dumaan sa mga makasaysayang lugar ng Simbahan sa Palmyra, mga 25 milya (40 km) ang layo. Gustung-gusto kong makita ang Sagradong Kakahuyan.

Noong panahong iyon, may mga problema ako sa trabaho at sa bahay, at talagang inasam kong magkaroon ng sagradong karanasan na magpapatunay sa akin, sa kamangha-manghang paraan, na iniisip ako ng Ama sa Langit.

Hindi pa naitatayo noon ang Hill Cumorah Visitors' Center at ang Palmyra New York Temple. Pumarada ako malapit sa tahanan ng pamilya Smith, bumaba ako sa aking sasakyan, at sinundan ko ang mga karatula papunta sa Sagradong Kakahuyan. Nang may panalangin sa aking puso, tinahak ko ang landas papasok sa kakahuyan. Nagnilay-nilay ako habang naglalakad, at lumuhod pa ako para manalangin. Nakadama ako ng kapanatagan, ngunit wala akong nakitang haligi ng liwanag at wala akong naramdamang matinding emosyon. Balisa pa rin ang aking isipan sa mga problema at alalahanin.

Medyo nadismaya, pumunta ako sa muling itinayong bahay na yari sa troso kung saan tumira ang pamilya Smith. Inisip ko na kunwari ay nagtatrabaho, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, at nananalangin sila roon. Pinuntahan ko ang mga silid sa itaas at ang kusina, kung saan naroon ang tsiminea na yari sa laryo, mesa at mga upuan na yari sa kahoy, magaspang na kahoy na sahig, at mga simpleng kagamitan. Naisip ko na sa tahanang gaya nito nanirahan ang 14 na Taong gulang na binata nang, puno ng mga katanungan, magpasiya siyang kumilos at magtanong sa Diyos.

Habang nakatayo ako sa may pintuan, at papaalis na, napatingin ako sa Sagradong Kakahuyan. Alam ko na nagtungo si Joseph Smith sa kalapit na kakahuyan, nanalangin siya, at nakita niya ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Bigla akong napuspos ng pagkahabag para kay Joseph. Tila nadama ko kung ano ang nadama ni Joseph bago siya nanalangin. Kulang ako ng karunungan, ngunit alam ko na maaari akong humingi sa Diyos at makatanggap ng mga sagot (tingnan sa Santiago 1:4–5). Naalala ko kung paano ako nanalangin nang may pananampalataya noong tinedyer ako at nakadama ng kapayapaan at katiyakan. Nadama kong muli na napuno ang aking puso ng gayong pag-asa at pagmamahal. Tila ako ay naging 14 na Taong gulang muli.

Yumuko ako at umusal ng tahimik na panalangin ng pasasalamat. Natanggap ko na ang sagot. Ako ay *iniisip* ng Ama sa Langit. At kung patuloy akong magtitiwala sa Kanya, patuloy Siyang tutugon. ■

Richard M. Romney, Mga Magasin ng Simbahan

Ang Aking Isla ng Pananampalataya

Noong bata pa ako sa Robinson Crusoe Island, matatagpuan 416 milya (670 km) mula sa baybayin ng Chile, tinuruan kaming magkakapatid ng aming mga magulang tungkol sa pananampalataya at pagtitiyaga.

Nangyari ang isa sa kanilang mga di-malilimutang aral noong isang araw ng Linggo na bumabagyo. Alam ng aking mga magulang na mayroon silang pangako na dapat tuparin sa Panginoon—kailangan nilang magsimba. Sira na ang aming mga payong, kaya mga dyaket at bota lang ang proteksyon namin laban sa bagyo. Naisip ng aking ina na talukbungan kami ng mga plastik na lalagyan ng basura. Hindi kami nahiya na kami lang ang mga taong naglalakad sa kalye sa gitna ng ulan. Alam namin na ginagawa namin ang nais ng Panginoon na gawin namin.

Pagdating namin sa bahay na ginagamit namin bilang chapel, napagtanto namin na kami lang ang magsisimba noong araw na iyon. Maraming araw ng Linggo na gaya niyon. Ang aking ama ang branch president noon at kadalasang namumuno sa mga miting na dinadaluhan lamang ng mga bata at ilang Relief Society sister. Siya rin ang nagbabasbas at nagpapasa ng sakramento.

Nais kong balikan ang mga araw na iyon na nagsisimba kami bilang pamilya. Ang pagkanta ng mga himno nang magkakasama at pag-aaral tungkol sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo ay mananatiling isang napakagandang alaala. Ang aking puso ay naroon pa rin sa Robinson Crusoe Island. Lahat ng alaala ng aking kabataan, pati na ang pagtuturo sa akin ng aking mga magulang ng ebanghelyo, ay nangyari roon.

Dahil kakaunti lang ang mga miyembro ng Simbahan sa isla, hindi namin natamasa ang mga programa o resources na tinatamasa ng maraming miyembro. Ngunit tinuruan kami ng aming mga magulang na magsimba, manalangin, at basahin ang mga banal na kasulatan. Sa pagbabasa ko ng mga banal na kasulatan, nakahanap ako ng lakas at patnubay at nakatanggap ako ng mga personal na paghahayag. Hindi ko makakalimutan ang araw ng Linggo na natanggap ko ang pagpapatibay na magmisyon.

Noong nasa kolehiyo ako sa Viña del Mar, Chile, naalala ko ang mga panahong naglalakad kami ng aking mga magulang papunta sa Simbahan sa gitna ng katirikan ng araw, pagbuhos ng ulan, pagbagsak ng yelo, at pag-ihip ng malakas na hangin. Tuwing araw ng Linggo, ang alaalang ito ang nagtutulak sa akin na bumangon, maghanda, at magsimba—anuman ang nangyayari sa labas.

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naging sentro ng aking buhay bilang isang bata, missionary, at ngayon bilang asawa at ina. Ngayong may sarili na akong pamilya, ipapasa naming mag-asawa sa aming mga anak ang halimbawa ng pananampalataya ng aking mga magulang. ■

Belén Aros, Coquimbo, Chile

Hindi kami nahiya na kami lang ang mga taong naglalakad sa kalye sa gitna ng ulan. Alam namin na ginagawa namin ang nais ng Panginoon na gawin namin.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

Dapat Ba Naming Tanggapin ang Tungkulin?

Dahil maliit pa ang isa naming anak at mayroon pa kaming bagong silang na sanggol, nahirapan kaming gampanan ang aming mga tungkulin sa Simbahan. Kaya nang matanggap ng aking asawa ang tawag na maglingkod bilang bishop ng isang young single adult student ward, pareho kaming nag-alinlangan na tanggapin ito.

Maraming tanong at alalahanin na pumasok sa aming isipan hinggil sa aming kakayahan na magawa ang lahat ng kailangan kabilang ang karagdagang tungkulin. Ilang araw pagkatapos matanggap ang pagtawag, nalaman namin na buntis ako sa aming pangatlong anak. Dahil sa kalagayan ng aking katawan, naging mahirap ang mga nakaraan kong pagbubuntis. Habang pinag-uusapan namin kung ano ang aasahan namin sa susunod na ilang buwan kung tatanggapin ng aking asawa ang tungkulin, hindi namin tiyak kung ano ang gagawin. Nagsimula kaming manalangin nang taimtim para mapanatag at mapatnubayan kami.

May pagkakataong naisip na ng aking asawa kung dapat ba niyang ipaliwanag ang aming sitwasyon sa stake president at tanggihan ang tungkulin. Ito ang pinaka-praktikal na gawin para sa amin, ngunit nang manalangin at mag-ayuno kami, naalala namin ang mga salita ni Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018): "Kapag tayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon, tayo ay karapat-dapat sa tulong ng Panginoon" ("Duty Calls," *Ensign,* Mayo 1996, 44).

Napanatag ang aming mga puso at napawi ang aming mga alalahanin. Nakatanggap kami ng katiyakan na ang pagtawag na ito ay hindi nagmula sa stake president. Ito ay nagmula sa Panginoon, at alam Niya, bago pa namin malaman, na buntis ako nang ipabatid sa amin ang tungkulin. Mas marami Siyang magagawa para sa aming pamilya kaysa sa magagawa ng aking asawa sa sarili niyang kakayahan kung hindi niya tinanggap ang tungkuling ito.

Taglay ang pananampalataya sa aming puso, tinanggap ng aking asawa ang tungkulin at hinarap namin ang bawat araw. Isang malaking himala ang aking pangatlong pagbubuntis, at ang aming anak ay isinilang na malusog at malakas. Ang mga taon na ginugol ko sa pagdalo sa aming home ward kasama ang aming mga anak ay nakatulong na maging malapit kami hindi lang bilang isang pamilya, kundi pati na rin sa mga kapwa namin miyembro sa ward. Habang masigasig na ginagampanan ng aking asawa ang kanyang tungkulin, natutuhan kong umasa sa aking mga kasamahan sa ward para tulungan ako sa aking mga anak.

Kaming mag-asawa ay nagpapasalamat sa maraming matatapat na Banal at, lalo na, sa ating Ama sa Langit sa pagtulong sa amin habang sinisikap naming balansehin ang trabaho, pamilya, at paglilingkod sa Simbahan. ■

Norma-Jean Livai, Hawaii, USA

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Paano Tinatangka ni Satanas na Linlangin Tayo?

Binalaan tayo ni Nephi tungkol sa tatlo sa mga mapanlinlang na taktika ng diyablo.

1. MAGALIT LABAN SA MGA BAGAY NA MABUTI (2 Nephi 28:20)



Ano ang ginagawa ni Satanas para *magalit* ang mga tao sa *mabubuting* bagay? Tinatangka ni Satanas na tuksuhin ang mga tao para **magalit** sa sumusunod na mabubuting bagay:

- Tradisyunal na kasal at pamilya
- Kabaitan at pagkahabag para sa lahat, pati sa mga taong naiiba sa iyo
- Organisadong relihiyon

2. PAGIGING KOMPORABLE AT PAGWAWALANG-BAHALA (2 Nephi 28:21)

Ano ang ginagawa ni Satanas para maging masyadong *komportable* ang mga tao at *ipagwalang-bahala* nila ang paglaban sa kasamaan o *tigilan ang pagsisikap* na umunlad sa espirituwal?

Tinatangka ng diyablo na sabihin sa atin ang mga sumusunod na kasinungalingan para tayo ay **magwalang-bahala**:

- Ang mahalaga lang ay magpakasaya sa buhay at magkaroon ng magagandang ari-arian.
- Anumang mahirap o hindi komportable ay masama, kaya dapat itong iwasan.
- Basta *tila* maayos ang buhay, iyon lang ang mahalaga.

3. WALANG DIYABLO, WALANG KASAMAAN, WALANG KAPARUSAHAN (2 Nephi 28:22)

Ano ang ginagawa ni Satanas para ang mga tao ay *tumigil sa paniniwala na totoong may kasamaan at na hahatulan tayo ng Diyos*?

Sinasabi sa atin ni Satanas ang mga sumusunod na kasinungalingan para makumbinsi tayo na **walang masama** at **walang kaparusahan**:

- Ito lang ang buhay, kaya magpakasaya ka na.
- Kung masarap sa pakiramdam, gawin mo.
- Tumingin ka sa iyong paligid. Hindi napaparusahan ang masasama. Kaya bakit hindi ka magsaya tulad nila?

PAG-IWAS SA PANLILINLANG

Maaari mong pag-aralang muli ang mensahe ni Pangulong Dallin H. Oaks noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2004, "Huwag Palinlang," para mahanap ang kanyang payo kung paano makakaiwas sa panlilinlang.

LINGGO 1

MGA PAGLALARAWAN NI AUGUSTO ZAMBONATO

2 Nephi 31–33

(MARSO 2–8)

Ano ang Daan tungo sa Buhay na Walang-Hanggan?

Babalik tayo sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga tipan sa Kanya. Ipinakita sa atin ni Jesucristo ang daan sa landas na ito ng tipan, at magtatamo tayo ng buhay na walang-hanggan sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang halimbawa.

TALAKAYAN

Nasaan ka na sa landas ng tipan? Ano ang dapat mong gawin para patuloy na sumulong?

"Sa bawat miyembro ng Simbahan sinasabi ko, manatili sa landas ng tipan. Ang inyong pangako na sundin ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa Kanya at pagsunod sa mga tipan na iyon ang magbubukas ng pinto para sa bawat espirituwal na mga pagpapala at pribilehiyo para sa kalalakihan, kababaihan, at mga bata saanman."

Pangulong Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona*, Abr. 2018, 7.

Anong pagpapala ang matatanggap natin kung magtitiis tayo hanggang wakas? (Tingnan sa 2 Nephi 31:20.)

Ano ang pasukan tungo sa landas ng tipan? (Tingnan sa 2 Nephi 31:17–18.) Paano natin maipapakita ang ating kahandaang sundin ang halimbawa ni Jesucristo at ang Kanyang mga kautusan?

Paano tayo susulong sa landas? (Tingnan sa 2 Nephi 31:16, 20; Mosias 5:7–9.)

Inililihis tayo ng landas ng kasalanan. Paano tayo babalik? (Tingnan sa 1 Nephi 10:18; 3 Nephi 9:13–14.)

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

LINGGO

2

Jacob 1–4

(MARSO 9–15)

Paano Natin Maiiwasan ang "Pagtingin nang Lampas sa Tanda"?

Itinuro ng propetang si Jacob na ang espirituwal na pagkabulag ng mga Judio ay dumating sa pamamagitan ng "pagtingin nang lampas sa tanda" (Jacob 4:14). Paano natin maiiwasan ang pagtingin nang lampas sa tanda?

Ano ang Tanda?

"Ang [ilan] ay nabubulag dahil sa 'pagtingin nang lampas sa tanda' (Jacob 4:14) gayong ang tanda ay si Cristo."

Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Jesus of Nazareth, Savior and King," *Ensign,* Mayo 1976, 26.

Ano ang Kahulugan ng Pagtingin nang Lampas sa Tanda?

Sa pagpana, kung gusto mong matamaan ang tanda, kailangan mo itong tutukan. Magmimintis ka kapag tumingin ka nang lampas sa tanda. Marahil isa iyong dahilan kung bakit ang salitang *kasalanan* sa Bagong Tipan ay nagmula sa salitang Griyego na *hamartia,* na nangangahulugang "pagmintis sa tanda." Ano ang mga kasalanan ng mga Judio na binanggit sa Jacob 4:14?

Paano Natin Matatamaan ang Tanda?

"Kung ang ating pangunahing tuon, pag-iisip, at mga pagsisikap ay nakasentro sa pagpapaibayo ng ating pagmamahal sa Diyos na Maykapal at minamahal natin ang iba, malalaman natin na natagpuan na natin ang tamang target at nakatutok tayo sa bull's-eye—ang maging tunay na mga disipulo ni Jesucristo."

Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagtutok sa Sentro," *Liahona,* Ene. 2017, 5.

LINGGO 3

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Jacob 5–7

(MARSO 16–22)

Sa alegorya ng punong olibo, nakita ng panginoon ng olibohan na ang kanyang punong olibo ay nagsimulang mabulok at sabi niya, “Aking pupungusin [ang puno], at bubungkalin ang palibot nito, at aalagaan ito” (Jacob 5:4).

Sa buong alegorya, ilang beses binisita ng panginoon at ng kanyang tagapagsilbi ang olibohan (tingnan sa Jacob 5:15–18, 29–32, 37–42). Sa bawat pagkakataon, paulit-ulit na ginawa ang proseso ng pagpupungos, pagbubungkal, at pag-aalaga.

Ang panginoon ng olibohan ay kumakatawan kay Jesucristo. Ang puno at ang mga sanga nito ay kumakatawan sa Kanyang mga tao. Ang alegorya na ito ay higit pa sa isang kuwento tungkol sa mga puno at bunga. Ito ay isang makapangyarihang patotoo tungkol sa pagiging bahagi ng Diyos sa buhay ng Kanyang mga anak at sa misyon ng Tagapagligtas at Kanyang pagmamahal para sa buong sangkatauhan.

Ano ang Matututuhan Natin mula sa Alegorya ng Punong Olibo?

Ang **PAGPUPUNGOS** ay pag-aalis ng mga patay na sanga at bulok na bunga mula sa isang puno. Pinutol ng panginoon ang mga patay na sanga at itinapon ang mga ito sa apoy (tingnan sa Jacob 5:9). Paano tayo tinutulungan ng Diyos na “pungusan” ang ating buhay para mawala ang mga kasalanan at kahinaan?

Kasama sa **PAGBUBUNGKAL** ang pag-aalis ng mga balakid, gaya ng mga damo, sa palibot ng isang puno. Tinitiyak ng pagbubungkal na walang hahadlang sa kakayahan ng puno na lumago. Anong mga balakid ang humahadlang sa atin na lumago sa espirituwal?

Ang **PAG-AALAGA** ang nagpapanatili sa kalusugan ng puno sa pamamagitan ng pagbibigay dito ng mga mineral at iba pang pataba. Tulad ng mga puno, ang ating mga espiritu ay nangangailangan din ng pag-aalaga. Paano natin aalagaan ang ating mga espiritu?



TALAKAYAN

Ang alegorya ng punong olibo ay orihinal na isinulat ni Zenos sa mga laminang tanso. Bakit kaya inilaan ni Jacob ang gayon kalaking bahagi ng kanyang sariling talaan para sa mga salita ng isa pang propeta?

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

LINGGO 4

"Kapag **BUONG SARILI TAYONG NAKIKIPAGTIPAN,** maaari tayong **MAGING HIGIT** sa kung sino tayo."

Elder Gerrit W. Gong ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagiging Kabilang sa Tipan," 80, idinagdag ang pagbibigay-diin.

Ang Pangangailangan Nating Magmahal at Mag-minister

"Alam nating lahat kung saan tayo maaaring magpakabuti. Hindi na kailangang paulit-ulit na paalalahanan ang isa't isa, ngunit kailangang mahalin at paglingkuran ang isa't isa at, sa paggawa nito, maglaan ng kapaligiran para maging handang magbago."

Elder Hans T. Boom ng Pitumpu, "Pagkaalam, Pagmamahal, at Paglago," 105.

PAYO MULA KAY PANGULONG NELSON

Noong pangkalahatang kumperensya, nagbigay ng mahalagang payo si Pangulong Russell M. Nelson sa mga Banal sa mga Huling Araw.

Hinikayat niya ang mga kabataan na:

- "Maging marapat para sa mga limited-use na temple recommend" ("Pangwakas na Mensahe," 121).
- Alalahanin ang kanyang paanyaya na "sumali sa kabataang batalyon" para tipunin ang Israel ("Mga Saksi, mga Korum ng Aaronic Priesthood, at Klase ng Young Women," 39).

Pinayuhan niya ang kababaihan na:

- "Hangaring maunawaan ang nais ng Panginoon na malaman at gawin ninyo" at "pag-aralan nang may panalangin ang bahagi 25 ng Doktrina at mga Tipan at tuklasin kung ano ang itinuturo ng Espiritu Santo sa *inyo*."
- "[Alisin ang inyong] tuon sa mga panggagambala ng mundo," at "[simulan at ipagpatuloy] habambuhay ang paglalaang ito ng inyong buhay sa Panginoon."
- Ituro ang doktrina ni Jesucristo, at magbigay ng "opinyon sa [mga] family, ward, at stake council."
- Maglingkod, manalangin, mag-ayuno, mag-aral ng mga banal na kasulatan, maglingkod sa templo, at gumawa ng gawain sa family history, na pawang "magbubukas sa inyo ng kalangitan."
- "Pag-aralan nang may panalangin ang *lahat* ng katotohanan na makikita ninyo tungkol sa kapangyarihan ng priesthood," simula sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 84 at 107. (Tingnan sa "Mga Espirituwal na Kayamanan," 77, 79.)

Hinikayat niya ang lahat ng miyembro ng Simbahan na maghanda para sa pangkalahatang kumperensya sa Abril 2020 sa pamamagitan ng:

- Pagbabasa ng salaysay ni Joseph Smith tungkol sa Unang Pangitain.
- Pagninilay kung paano nakagawa ng kaibhan sa atin at sa ating mga mahal sa buhay ang Aklat ni Mormon at ang mga kaganapan simula noong Unang Pangitain.
- Pagdaragdag ng mga bagong video ng Aklat ni Mormon sa ating indibiduwal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya.
- Pagpili sa ating sariling mga tanong, pagdisenyo ng sarili nating mga plano, at pagtutuon ng ating sarili "sa maluwalhating liwanag ng Panunumbalik." (Tingnan sa "Pangwakas na Mensahe," 122)

Lahat ng numero ng pahina ay mula sa Nobyembre 2019 na isyu ng *Liahona*.

MAS MALALIM NA PAG-AARAL

Pagtahak sa Landas ng Tipan

Para masunod ang dalawang dakilang kautusan, sinabi ni Pangulong Dallin H. Oaks, "kailangan nating mabalanse ang batas at pagmamahal—sumusunod sa mga kautusan at tumatahak sa landas ng tipan, habang minamahal ang ating kapwa. Kailangan sa pagtahak na ito sa tipan ang paghingi natin ng banal na inspirasyon" ("Dalawang Dakilang Utos," 75). Panoorin o basahin ang kanyang mensahe at ang mga mensahe ng sumusunod na mga tagapagsalita para magkaroon ng lakas sa pagtahak sa landas ng tipan:

- Si Elder Terence M. Vinson, na nagsabing, "Ang kailangan natin dito ay bawasan ang Wi-Fi at dagdagan ang Nephi!" ("Tunay na mga Disipulo ng Tagapagligtas," 9).
- Si Brother Stephen W. Owen, na hinikayat tayong hanapin ang "espirituwal na pangangalaga" sa pamamagitan ng pagkalas sa mundo at pagkonekta sa langit ("Manampalataya, Huwag Mawalan ng Pananampalataya," 12).
- Si Sister Michelle Craig, na nagsalita tungkol sa "apat na paraan na madaragdagan ang inyong espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag" ("Espirituwal na Kakayahan," 19).
- Si Elder Gary E. Stevenson, na nagsabing, "Kailangan nating patuloy na maging matapat at mapagbantay, sapagkat ito lang ang paraan para makilala ang katotohanan at marinig ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod" ("Huwag Mo Akong Linlangin," 96).
- Si Pangulong M. Russell Ballard, na nagsabing, "Ang isa sa pinakamahahalagang bagay na matututuhan natin sa buhay na ito ay kung paano bigyang-diin ang ating walang-hanggang likas na espirituwal na pagkatao at kontrolin ang ating masasamang nasa" ("Pagpayag na Kontrolin ng Ating Espiritu ang Ating Katawan," 109).
- Si Elder Peter M. Johnson, na tinuruan tayo kung paano natin madaraig ang tatlong kasangkapan ng kaaway: panlilinlang, pang-aabala, at pagpapahina ng loob ("Kapangyarihang Madaig ang Kaaway," 110–12).

PAANO . . .

Ibahagi ang Ebanghelyo

Pagdating sa pagbabahagi ng ebanghelyo, itinanong ni Sister Cristina B. Franco ang sumusunod at pagkatapos ay sinabi sa mga miyembro ng Simbahan, "Ang sagot sa mga tanong na ito ay oo! Kaya nating gawin ito!"

- "Kaya ba nating anyayahan ang isang kaibigan na hindi natin kapanalig na magsimbang kasama natin sa Linggo?"
- "[Makakaya kaya nating] bigyan ng Aklat ni Mormon ang isang kamag-anak o kaibigan?"
- "Kaya ba nating matulungan ang iba na mahanap ang kanilang mga ninuno sa FamilySearch o ibahagi sa iba ang natutuhan natin sa buong linggo ng pag-aaral natin ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*?"
- "Kaya ba nating maging mas katulad ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo at ibahagi sa iba ang naghahatid ng kagalakan sa ating buhay?"

Sister Cristina B. Franco, Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency, "Pagkakaroon ng Kagalakan sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo," 85

Inspirasyon sa Pantalan

Ni Afatia Silaga

Nagkasamaan ng loob ang aking pamilya, at apat na oras pa akong maghihintay ng bangka para makauwi. Oras iyon para manalangin.

Isang bangka pa ang sasakyan ko bago makauwi ng bahay nang mabalitaan ko na nagkaroon ng isang malaking pagtatalo sa aking pamilya noong araw na iyon. Isang *napakalaking* pagtatalo.

Galit ang aking asawa. Galit ang aking mga anak. Masama ang loob ng lahat. At hindi ko alam kung ano ang gagawin.

Kinuha ko ang trak na gamit ko sa trabaho noong umagang iyon mula sa aking tahanan sa Upolu, Samoa, at sumakay ako ng bangka papunta sa Savai'i, Samoa. Ang biyaheng ito ay tumatagal nang ilang oras sa bawat direksyon.

Pagkatapos kong makausap ang aking asawa sa telepono at marinig ang galit sa kanyang tinig, inaamin ko na nahirapan akong magdesisyon kung uuwi ako sa bahay sa sitwasyong iyon. Hindi ko tiyak kung paano ako makatulong para mapawi ang hinanakit sa isa't isa ng aking pamilya.

Pumarada ako sa pantalan at nagsimulang manalangin. Nang sumunod na apat na oras, nakaupo ako sa aking trak, nananalangin para sa aking pamilya habang hinihintay ang bangka pauwi.

Pagkatapos ng mahabang oras ng pananalangin, nakatanggap ako ng isang malinaw na espirituwal na impresyon. "Ipakita mo lang ang pagmamahal mo sa iyong mga anak. *Ipakita ang pagmamahal.* Sabihin mo sa kanila, 'Mahal ko kayo, at mahal kayo ng Diyos.'"

Palagi kaming nagkakasundo ng aking mga anak. Alam nila na mahal ko sila, at alam nila kung gaano sila kahalaga sa akin. Ngunit malinaw kong naunawaan, sa pamamagitan ng paghahayag, na ang pagpapakita ng higit na

pagmamahal ang tanging paraan para magkalapit muli ang aking pamilya.

Pagdating ko sa bahay noong gabing iyon, galit na galit pa rin ang aking asawa. “Ano ang gagawin mo?” tanong niya sa akin.

Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa paghahayag na natanggap ko. Sinabi ko sa kanya na sa palagay ko, kailangan naming ipakita nang mas malinaw ang pagmamahal namin sa aming mga anak. “Naniniwala ako na iyon ang pinakamahalagang bagay na magagawa natin para mapawi ang hinanakit ng lahat,” sabi ko. Nagpasiya kaming subukan ito.

Iyon ang karaniwang gabi para sa aming lingguhang family council. Gayunpaman, dahil sa pagtatalo, gusto na itong kanselahin ng karamihan sa aking pamilya noong linggong iyon. Nagpasiya kaming mag-asawa na ituloy pa rin ang family council.

Noong una, walang umiimik. Masasabi kong maraming luha at hinanakit sa aking pamilya noong araw na iyon.

Pagkatapos ay nagsimulang magsalita ang aking asawa. “Gusto ko lang malaman ninyo na mahal na mahal ko kayo,” sabi niya. Nakita ko ang pagbabago sa galaw ng kanilang katawan. Nakaupo silang lahat sa gilid ng kanilang upuan. Ngunit nang magsimulang magpaliwanag ang aking asawa kung gaano niya sila kamahal, ang aming mga anak ay sumandal sa upuan at naging komportable. Hindi nagtagal ay nagsalita na rin sila. Sinabi ko rin sa kanila na mahal na mahal ko sila at masaya ako na pamilya kami.

Iyon ang nakalutas sa buong problema. Kamangha-mangha iyon. Nawala ang lahat ng galit sa aming tahanan, at naayos namin ang problema.

Hindi perpekto ang aking pamilya. Pero mahal na mahal namin ang isa’t isa. At nag-uukol kami ng oras para sa isa’t isa. Ito man ay paggising nang maaga para magbasa ng mga banal na kasulatan nang magkakasama, pagsisimba nang magkakasama, paglalaro ng basketbol nang magkakasama, pagkain nang magkakasama, o pakikinig lang ng musika nang magkakasama, sinisikap naming tumibay ang aming samahan bilang pamilya.

Dahil dito, mas naunawaan naming mag-asawa kung gaano kahalaga na ipakita ang pagmamahal namin sa aming mga anak. ■

PAGLALARAWAN NI CHARLES LEHMAN

MGA ARAL MULA SA AMA NA ITO

- Naunawaan ni Brother Silaga na hindi niya malulutas ang problemang ito nang mag-isa. Nanalangin siya nang maraming oras para humingi ng paghahayag kung paano tutulungan ang kanyang pamilya.
- Itinuon ng pamilya Silaga ang kanilang tahanan kay Jesucristo. Sa kabila ng mga abalang iskedyul, gumigising sila nang maaga para mag-aral ng mga banal na kasulatan bilang pamilya. Nagdaraos sila ng family council linggu-linggo. Nagsisimba sila. Ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang madala ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa kanilang tahanan at pamilya.
- Sumangguni muna si Brother Silaga sa kanyang asawa bago nila kinausap ang kanilang mga anak tungkol sa pagtatalo.
- Palaging sinasabi nina Brother at Sister Silaga sa kanilang mga anak kung gaano nila sila kamahal.
- Sama-samang gumagawa ang mga Silaga, pero naglilibang din sila nang magkakasama. Nagsisilbi silang halimbawa ng sumusunod na payo na ibinigay ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Sa ugnayan ng pamilya, ang tunay na baybay ng *pagmamahal* ay *o-r-a-s,* oras. Ang pagkakaroon ng oras sa bawat isa ay ang susi sa pagkakasundo sa tahanan” (“Sa mga Bagay na Pinakamahalaga,” *Liahona,* Nob. 2010, 22).

Mga Young Adult

Sa Bahaging Ito

44 **Mga Bagong Miyembro: Dito Kayo Nabibilang**
Ni Brian S. King

46 **Pagtanggap at Pag-unawa sa Miyembrong Hindi Magkaanak**
Ni Jodi King

Digital Lamang

Gusto Nating Lahat na Kabilang at Tanggap Tayo
Ni Eric B. Murdock

Pagbabalik sa Simbahan nang may Suporta ng Iba
Ni Rachelle Wilson

Paano Makakayanan ang Araw ng Linggo bilang Isang Taong Mahiyain
Ni Aspen Stander

Hanapin ang mga artikulong ito at ang iba pa:

- Sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org**
- Sa **Lingguhang YA** (sa ilalim ng bahaging Mga Young Adult sa Gospel Library)

Ibahagi ang Iyong Kuwento

May magandang kuwento ka bang maibabahagi? O may mga artikulo ka bang nais makita tungkol sa ilang paksa? Kung gayon, nais naming makarinig mula sa iyo! Maaari mong ipadala ang iyong artikulo o feedback sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org.**

Ang Pagsisikap Nating Lahat na Maramdamang Kabilang Tayo

Naranasan mo na ba na pagpasok mo sa isang silid, lahat ay biglang napatingin sa iyo? O mas matindi pa—parang walang nakapansin sa iyo? Naranasan ko na iyon. Maaaring makasakit sa damdamin ang mga sitwasyong iyon dahil hangad nating lahat na tanggapin tayo.

Tayo ay pinagbubuklod ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ngunit kung minsan, **mahirap maramdamang kabilang tayo** dahil sa iba-ibang kalagayan natin sa buhay. Sa maraming indibiduwal na miyembro ng Simbahan, may mga bagong miyembro na maaaring **nagsisikap na maramdamang kabilang sila.** Sa pahina 44, ibinahagi ko kung paano nagbago ang aking pananaw tungkol sa pagtanggap ng iba at pagtupad sa mga inaasahan ng Panginoon.

Marami ring katulad ni Jodi at ng kanyang asawa, na may problema sa hindi pagkakaroon ng anak o iba pang mga pagsubok na maaaring maging dahilan para madama nila na tila hindi sila kabilang. Basahin ang kanyang kuwento sa pahina 46.

Sa mga artikulong digital lamang, ibinahagi ni Rachelle kung paano nakagawa ng kaibhan ang malugod na pagtanggap sa kanya ng mga miyembro nang bumalik siya sa simbahan. Itinuro ni Eric na **tayong *lahat* ay kailangan** sa katawan ni Cristo, at ibinahagi ni Aspen kung paano magiging kabilang at magtatagumpay sa simbahan bilang isang napakamahiyaing tao.

Ang Simbahan ay puno ng mga tao na nakadaramang hindi sila kabilang. Maaaring isa ka sa kanila. Ngunit **maaari tayong lahat na makatulong sa ating sariling paraan** para maipadama sa lahat ng miyembro na malugod silang tinatanggap. Dahil ang pagiging kabilang ay hindi batay sa kalagayan—ito ay batay sa kung sino ka talaga at kung sino ang sinisikap mong tularan. Bilang mga anak ng Diyos, lahat tayo ay kabilang sa Simbahan ni Cristo.

Tapat na sumasainyo,

Brian S. King



LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Mga Bagong Miyembro: Dito Kayo Nabibilang

Nagsisikap ka bang tumugon sa mga maling inaasahan?

Ni Brian S. King

Kapag may nakilala ka, paano mo ipinakikilala ang iyong sarili? Anong mga bagay ang mahalaga sa iyong pagkatao? Ako si Brian. At kabilang ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ngunit hindi ko palaging dama na tanggap ako ng ibang miyembro.

Sumapi ako sa Simbahan noong first year college ako. Tila ilang sandali lamang matapos akong mabinyagan, nagsimulang magtanong ang mga miyembrong may mabuting intensyon ng, "Magmimisyon ka ba?" Ang misyon ay hindi isang bagay na seryoso ko nang napag-isipan. Ngunit pakiramdam ko ang inaasahan nilang sagot ay oo.

Sapat na ba ang Kabutihan Ko?

Medyo mahigit isang taon pa lang matapos akong sumapi sa Simbahan, natanggap ko ang tawag na magmisyon sa England at dumating ako roon na sabik na magturo. Ngunit sa loob ng ilang araw, natanto ko kung gaano ang pangungulila ko. Hindi ako handang maglingkod sa full-time mission.

Habang ipinapaalam ko sa mission president ang damdamin ko, nahikayat siyang kantahin ang, "May Liwanag sa 'King Kaluluwa" (*Mga Himno,* blg. 141) sa telepono. Medyo kaiba ang dating sa akin niyon, ngunit nagdulot ito ng kaliwanagan at sigla sa aking damdamin.

Subalit makalipas ang isang linggo sakay ako ng eroplano pauwi. Nagtatalo ang damdamin ko sa buong paglipad na iyon. Napuno ako ng pag-aalala kung ano ang maaaring iniisip ng iba tungkol sa aking mga pagpili. Nagalit ako sa sarili ko na hindi ako naglingkod nang buong dalawang taon—matapos isaalang-alang ang lahat, iniwan ko ang mga kaibigan at pamilya ko at ipinagpaliban ko ang pag-aaral para magmisyon. Marami akong tiniis na sama-ng-loob, at ngayon pakiramdam ko tinalikuran na ako ng Ama sa Langit sa oras ng aking panganganailangan. Inisip ko kung kabilang pa ako (sa simbahan) ngayon dahil hindi ko nagampanan ang bawat inaasahan.

Pumarito Ka Bilang Ikaw

Isang linggo pagkauwi ko sa bahay, inanyayahan ako ng pamilya ng pinakamatalik kong kaibigan na manood ng isang sesyon ng pangkalahatang kumperensya. Ayokong gawin iyon. Pero nagpunta ako.

Sa kalagitnaan ng sesyon, naglakad si Elder Jeffrey R. Holland papunta sa pulpito at sinabing, "May liwanag sa 'king kaluluwa"—kapareho noong biglang kinanta ng mission president ko dalawang linggo na ang nakalilipas. Ibinulong ng Espiritu, "Ito ang Simbahang kinabibilangan mo." Nang sumunod na 15 minuto, nagbago ang buong pananaw ko.

Madaling madama na parang hindi tayo kabilang kapag pakiramdam natin ay nagkulang tayo sa inaasahan ng iba. Ngunit lahat tayo ay nagkukulang (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23). At oo, sinabi ng Diyos na may puwang pa rin para sa bawat isa sa atin sa Kanyang Simbahan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:20–23).

Itinuro ni Elder Holland sa mensaheng iyon sa kumperensya: "'Pumarito ka bilang ikaw,' ang sabi ng mapagmahal na Ama sa bawat isa sa atin. Subalit idinagdag Niya, 'Huwag kang manatiling ganyan'" ("Mga Awiting Naawit at Hindi Naawit," *Liahona,* Mayo 2017, 51). Nais ng Diyos na dumito tayo kahit na sinuman tayo o anuman ang nagawa natin dahil ito ang nagtutulot upang matulungan Niya tayo na baguhin ang ating kahihinatnan (tingnan sa 3 Nephi 18:22).

Bago ko narinig ang mensahe ni Elder Holland, akala ko ang ibig sabihin ng pagiging kabilang ay pagtugon sa lahat ng inaasahan. Ngayo'y higit kong nauunawaan na ang Simbahan ng Panginoon ay hindi para sa mga taong perpekto na kundi para tulungang maging perpekto yaong mga hindi pa. At kapag sinisikap mong sundin Siya, kabilang ka sa Kanyang Simbahan.

*Si **Brian S. King** ay major sa family studies sa Brigham Young University. Siya ay isinilang at lumaki sa lalawigan ng North Carolina, USA, kung saan masaya siya sa paggugol ng oras sa kabundukan.*

LIMANG BAGAY na sana'y nalaman ko bilang bagong miyembro:

1. **Magpakatotoo ka.** Pinalalakas ng iyong natatanging personalidad at mga kaloob ang buong Simbahan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12).
2. **Makisali.** Kapag pinaligiran mo ang sarili mo ng ibang tao na kapareho mo ang mga pinahahalagahan, matutulungan ka nitong manatili sa landas ng tipan.
3. **Magpunta sa templo.** Ang pag-uukol ng oras sa templo—o paghahanda na pumunta (sa templo)—ay makakatulong sa iyo na mapanatili ang walang-hanggang pananaw.
4. **Magtuon sa kung ano ang pinakamahalaga.** Kapag hindi mo na makaya ang mga bagay-bagay, tumuon sa pagsunod at paghahanda para sa mga tipan.
5. **Pagpasensyahan ang iyong sarili.** Huwag mong ikumpara ang iyong sarili sa iba habang sumusulong ka sa sarili mong bilis.

Pagtanggap at Pag-unawa sa Miyembrong Hindi Magkaanak

Ni Jodi King

Nadama kong wala akong puwang sa simbahan dahil sa hindi pagkakaroon ng anak.

Hindi ko kailanman nadama na hindi ako tanggap sa Simbahan hanggang sa magkaroon kami ng aking asawang si Cameron ng problema sa hindi pagkakaroon ng anak. Ang mga bata at pamilya na karaniwang nagbibigay sa akin ng kagalakan sa tuwing nakikita ko sa Simbahan ay nagsimula na ngayong magdulot sa akin ng lungkot at pighati.

Pakiramdam ko ay wala akong silbi dahil wala akong kargang anak o bitbit na gamit ng bata. Sa Relief Society, nag-anunsyo ng pagtitipon ng mga bata, masayang nag-usap-usap ang mga ina, at tila ang lahat ng aralin ay tungkol sa pagiging ina.

Nakadama ako ng kakulangan.

Wala akong anak na madadala sa pagtitipon ng mga bata. Wala akong personal na kuwento na maibabahagi tungkol sa pagpapalaki ng aking anak sa ebanghelyo.

Gustung-gusto kong sumali sa mga usapan tungkol sa pagiging ina at makipagkaibigan sa kababaihan sa aming ward, pero pakiramdam ko ay walang koneksyong namamagitan sa amin dahil hindi ako isang ina.

Ang pinakamahirap na araw ng Linggo ay iyong unang pagsimba namin sa bagong ward. Dahil wala kaming anak, tinanong kami kung bagong kasal kami at kung kailan namin planong magkaanak. Mahusay na ako sa pagsagot ng mga tanong na ito at hindi ko hinahayaang makaapekto ang mga ito sa akin—alam kong hindi naman nila intensyong makasakit ng damdamin.

Gayunpaman, sa partikular na araw na iyon ng Linggo, napakahirap sagutin ng mga tanong na iyon. Kamakailan lang ay nalaman namin, pagkatapos umasa, na—muli—hindi ako nagdadalang-tao.

Naglakad ako papasok sa sacrament meeting na mabigat

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

ang loob, at mahirap para sa akin na sagutin ang mga karaniwang tanong na iyon na ginagamit para makilala ang isa't isa. Sa oras ng sakramento, minasdan ko ang kongregasyon para maghanap ng iba pang mga batang mag-asawa na walang anak na maaaring makaunawa sa amin. Wala kaming nakita.

Ngunit ang labis na nagpalungkot sa akin ay ang Sunday School. Ang aralin—na nilayong talakayin ang sagradong tungkulin ng mga ina—ay biglang naiba at naging oras ng paghihimutok tungkol sa pagiging ina. Nalungkot ako at tahimik na dumaloy ang mga luha sa aking mga pisngi nang marinig kong nagrereklamo ang kababaihan tungkol sa isang biyaya na handa akong ibigay ang lahat para lang magkaroon.

Dali-dali akong lumabas sa simbahan. Noong una, ayaw ko nang bumalik. Ayaw kong maranasan muli ang pakiramdam na nag-iisa ako. Ngunit noong gabing iyon, matapos kaming mag-usap ng aking asawa, alam namin na patuloy kaming magsisimba hindi lang dahil iniutos sa amin ng Panginoon, kundi dahil alam namin pareho na ang kagalakang nagmumula sa pagpapanibago ng mga tipan at pagdama sa Espiritu sa simbahan ay nakahihigit kaysa sa kalungkutang nadama ko noong araw na iyon.

Nadarama Nating Lahat Paminsan-minsan na Tila Hindi Tayo Kabilang

Ang karanasang iyon ay nangyari apat na taon na ang nakararaan. Lumipas na ang panahon. At wala pa rin akong kargang sanggol o bitbit na gamit ng bata, ngunit alam ko na ngayon na kabilang ako sa simbahan.

Habang pinaglalabanan ang aking sariling kalungkutan, naging mas mapagmasid ako sa mga nakapaligid sa akin. Minamasdan ko pa rin ang kongregasyon, ngunit sinisikap ko ngayon na hanapin ang mga taong maaaring nagsisimba ngunit nakadarama na hindi sila tanggap. At natutuhan ko rin na nadarama nating lahat paminsan-minsan na tila hindi tayo kabilang.

Sa Simbahan, may mga miyembrong balo, hiwalay sa asawa, at walang-asawa; mga miyembrong may mga kapamilya na tumigil sa pagsasabuhay ng ebanghelyo; mga miyembrong may malubhang sakit o problema sa pananalapi; mga miyembrong naaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa nila babae; mga miyembrong nagsisikap na madaig ang adiksyon o pagdududa; mga miyembrong bagong binyag; mga miyembrong bagong lipat; mga miyembrong namumuhay nang mag-isa; at marami pang iba.

Maaaring maramdaman ng bawat isa sa atin na ang mga pagsubok o kalagayan natin ang nagiging balakid para mapabilang tayo, ngunit ang

Sinisikap ko ngayon na hanapin ang mga taong maaaring nagsisimba ngunit nakadarama na hindi sila tanggap.

katotohanan ay kabilang tayo sa Simbahan ni Cristo dahil sa pagkakaiba-iba ng ating buhay at mga personal na paghihirap natin.

Tanggap Tayo ng Ating Tagapagligtas

Ang layunin ng pagiging miyembro ng Simbahan ay sumunod sa Kanya. Tanggap tayo ng ating Tagapagligtas, kaya kabilang tayo sa Kanyang Simbahan. Sinabi Niya sa atin, "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin" (Mateo 11:28).

Inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya—anuman ang ating kalagayan. Nagsisimba tayo para panibaguhin ang ating mga tipan, palakasin ang ating pananampalataya, magkaroon ng kapayapaan, at gawin ang tulad ng ginawa Niya nang perpekto sa Kanyang buhay—maglingkod sa iba na nakadarama na tila hindi sila kabilang.

Maaaring may mga pagkakataon na ako lang sa Relief Society ang walang anak. At mga pagkakataon na may mga tao pa ring nagtatanong kung bakit wala kaming anak. Maaaring mahirap ang mga pagkakataong iyon, ngunit gaano man karami ang mahihirap na karanasan, mas marami pa rin ang masasayang karanasan.

Ang pagdama sa Espiritu sa simbahan at pagpapakita ng aking pagmamahal para sa aking Tagapagligtas ay palaging nakahihigit kaysa sa anumang pakiramdam ng pag-iisa. Alam ko na may kapayapaan kay Cristo. Alam ko na mapagagaling ako ng pagsisimba. Alam ko na pinagpapala kami kapag nagpatuloy kami. Maaaring kaiba ang mga pagsubok natin sa ibang miyembro sa simbahan, ngunit matutulungan tayo ng ating mga personal na karanasan na maging mas mahabagin sa iba na maaaring nakadarama na tila hindi sila kabilang. At dahil dito, maaari tayong mabigkis ng mga karanasang iyon.

Alam ko na sa pamamagitan ng pagbabahagi ng aking patotoo at pagsasabi ng saloobin ng aking puso, matutulungan ko ang iba na maunawaan na sila—at ang bawat indibiduwal—ay kabilang sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. ■

*Si **Jodi King** ay lumaki sa Iowa, USA, at palagi niya itong ituturing na tahanan. Nakilala at pinakasalan niya ang kanyang asawa habang nag-aaral sa Brigham Young University. Siya ay kasalukuyang nagtuturo sa kindergarten at nagtatrabaho rin bilang virtual assistant.*

MGA YOUNG ADULT

NADAMA MO BANG TILA HINDI KA KABILANG?

Ibinahagi ng mga young adult kung ano ang ginawa nila para madamang kabilang sila sa Simbahan.

42

MGA KABATAAN

GAMITIN ANG NOTEBOOK SA KUMPERENSYA NGAYONG BUWAN PARA MAKAPAGHANDA, MAKINIG, AT MATUTO MULA SA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA!

MGA MAGULANG

PAGTUTURO SA MGA ANAK NA MANALANGIN TULAD NI ENOS

K12–K13,
K20–K23

4 02167 18893 3
TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Marso 2020

Kaibigan

Ang bahagi para sa mga bata ng *Liahona*, na inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Alamin ang tungkol kay

ENOS!

Tingnan sa mga pahina K12–13, K20–23

Paano Tayo Kinakausap ng Ama sa Langit?

Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Maaari tayong kausapin ng Ama sa Langit sa maraming iba't ibang paraan. Nang manalangin si Joseph Smith tungkol sa kung aling simbahan ang tama, ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay nagpakita sa kanya at nakipag-usap sa kanya nang harapan. Ngunit karaniwang nakikipag-usap sa atin ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Binibigyan Niya tayo ng mga ideya at pinupukaw Niya ang ating damdamin.

Narito ang ilang paraan na maririnig natin Siya:

1. Isang pakiramdam na mahal tayo ni Jesus at na totoo ang ebanghelyo

2. Isang pakiramdam ng kapayapaan kapag nalulungkot o nalulumbay tayo

3. Isang masayang pakiramdam pagkatapos nating magsisi

4. Isang magandang pakiramdam kapag tayo ay nakakarinig ng magandang musika o nakakakita ng magandang likhang-sining

5. Isang mapayapang pakiramdam na mabuting piliin ang isang bagay

6. Isang pakiramdam na nagbibigay ng babala na mali ang isang bagay

Piliin ang Tama at Makinig

Kapag ang Ama sa Langit ay nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ito ay tinatawag na “paghahayag.” Hindi tayo binibigyan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ng paghahayag tungkol sa lahat ng ginagawa natin. Ngunit hindi tayo dapat mag-alala. Kung nagsisikap tayong piliin ang tama at nakikinig sa Espiritu Santo, tutulungan at gagabayan Nila tayo kapag mahalaga ito. ●

Hango sa “Eight Ways God Can Speak to You,” New Era, *Set. 2004, 4–8.*

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE REWSE





Ang Panaginip ni Anthony

Ni Katie Morrell
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

Namangha si Anthony nang magising siya. Pangatlong beses na niya iyong napapanaginipan! Sa kanyang panaginip, ipinakita sa kanya ng isang matangkad na lalaki ang isang magandang gusali. *Ano kaya ang kahulugan niyon?*

Bilang isang guro sa paaralan, marami nang napuntahang lugar si Anthony sa labas ng kanilang bayan sa Nigeria. Ang gusali sa kanyang panaginip ay hindi katulad ng anumang nakita niya noon. Siguro wala naman talagang ganoong gusali. Ngunit mayroong isang bagay na espesyal tungkol doon.

Sa paglipas ng mga taon, nasa isip pa rin ni Anthony ang tungkol sa kanyang panaginip, ngunit nag-alala rin siya tungkol sa iba pang mga bagay. Sumiklab ang isang digmaan sa Nigeria. Hindi ligtas para kay Anthony at sa kanyang asawa at mga anak na lumabas sa kanilang bahay. Ngunit mahirap mamalagi sa loob ng bahay buong araw. Nangungulila si Anthony sa kanyang mga kaibigan at mga estudyante.

Isang araw, nakakita si Anthony ng isang lumang magasin sa kanyang bahay. Nang buklatin niya ito, may nakita siyang isang bagay na tila pamilyar. Iyon ang magandang gusali sa kanyang panaginip! Totoo *iyon.*

Ang gusali ay pag-aari ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. *Ngayon ko lang narinig ang pangalan ng simbahang iyon,* naisip ni Anthony. Gusto niyang malaman ang iba pa tungkol doon, ngunit dahil sa digmaan, hindi pa rin siya makalabas ng bahay. Kailangan niyang maghintay.

Nang matapos na sa wakas ang digmaan, nagpadala ng liham si Anthony sa punong-tanggapan ng

Simbahan sa Salt Lake City. Tinanong niya kung maaari silang magpadala ng mga missionary para maturuan siya at ang kanyang pamilya. “Maaari po ba kayong magtayo ng inyong simbahan sa aming bayan?” isinulat ni Anthony. “Mangyaring magpadala po kayo ng mga banal na kasulatan sa akin para maturuan ko ang aking mga kababayan.”

Itinayo ko ang maliit na kapilyang ito para magkaroon tayo ng isang lugar na pagtitipunan!

Nalungkot si Anthony nang makatanggap siya ng liham mula sa punong-tanggapan ng Simbahan: “Sa ngayon, wala kaming mga missionary sa inyong bansa.” Noon, karamihan sa mga lalaking lahing itim ay hindi maaaring magtaglay ng priesthood. At hindi pa naoorganisa ang Simbahan sa malaking bahagi ng Africa.

Ngunit matiyagang naghintay si Anthony sa takdang panahon ng Panginoon. Bagama’t hindi pa siya maaaring mabinyagan, patuloy niyang pinalakas ang kanyang pananampalataya.

Pinadalhan ng Simbahan si Anthony at ang kanyang pamilya ng Aklat ni Mormon at ng iba pang mga aklat ng Simbahan. Pinag-aralan ni Anthony ang mga aklat at itinuro ang natutuhan niya sa kanyang mga kababayan.

Napakaraming tao na naging interesado sa ebanghelyo kaya ninais ni Anthony na magkaroon ng isang lugar para makapagtipon ang lahat.

Sa daan na may mga puno ng saging sa magkabilang panig, nagtayo si Anthony ng isang maliit na kapilyang may bughaw na pinto at mga panakip sa bintana. Mababasa sa harapan ng gusali, “Nigerian Latter-Day Saints [Mga Banal sa mga Huling Araw na Taga-Nigeria].”

Lumipas ang mga taon. At isang araw, nakasagap si Anthony ng magandang balita. Sinabi ng Diyos sa propeta na maaari nang makatanggap ng priesthood ang *lahat* ng mga karapat-dapat na kalalakihan. Nagpadala ang Simbahan ng mga missionary sa nayon nina Anthony!

Namangha ang mga missionary sa nakitang gusali ng simbahan at sa napakaraming tao na handa nang magpabinyag. Namangha sila sa pananampalataya ni Anthony at ng kanyang mga kababayan.

“Napakatagal ng paghihintay at pagtitiis namin,” sabi ni Anthony sa mga missionary, “ngunit hindi na iyon mahalaga ngayon. Narito na kayo sa wakas.”

Si Anthony ang kauna-unahang nabinyagan sa Ekeonumiri River sa Nigeria. Nang maorganisa ang bagong branch, tinawag siya bilang branch president. Ang kanyang asawang si Fidelia ang naging Relief Society president. Sila ay ibinuklod sa templo pagkalipas ng ilang taon.

Patuloy na ibinahagi ni Anthony ang kanyang pananampalataya sa iba. Madalas niyang sabihin sa mga tao na ang binhi ng ebanghelyo na itinanim sa Nigeria ay lalago at magiging mayabong na puno. Ang mundo ay magugulat sa paglago nito.

Nabinyagan na ako sa wakas!

Tama si Anthony. Ngayon, mayroong mahigit 170,000 miyembro ng Simbahan sa Nigeria—at isang magandang templo! Ang binhi ng ebanghelyo na naitanim sa tulong ni Anthony ay patuloy na lumalago sa iba’t ibang dako ng mundo ngayon. ●

Sinabi ni Anthony Uzodimma Obinna (1928–95) na lalago ang Simbahan sa Nigeria at “magiging malakas na sentro para sa mga Banal.” Ngayon ay mayroong pitong misyon, mahigit 50 stake, at isang templo roon!

MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

Hello mula sa Samoa!

Talofa!
(“Hi” sa wikang Samoan), kami sina Margo at Paolo. Samahan kami sa pagbisita namin sa Samoa!

Ang **Samoa** ay isang bansa na binubuo ng mga pulo sa Karagatang Pasipiko. Ito ay may dalawang pangunahing pulo at apat na mas maliliit na pulo.

Maraming tao sa Samoa ang nakatira sa *fales,* mga bahay na walang dingding. Ang pagluluto ay ginagawa sa apoy sa labas ng bahay.

Mahilig kumanta ang mga tao sa Samoa! Ang mga batang ito ay nag-hahandang kumanta sa Primary.

O LE EKALESIA A
IESU KERISO
O LE AU PAIA O ASO
E GATA AI

Narito ang paraan kung paano sabihin
“Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw” sa wikang Samoan: *O Le Ekalesia a Iesu Keriso o le Au Paia o Aso e Gata Ai.*

Marami sa kanila ang nag-aalaga ng mga baboy at manok at gumagamit ng mga aso sa pangangaso.

Ang niyog ay isang popular na pagkain sa Samoa. Lahat ay tumutulong sa pag-aani at pagbabalat ng mga ito. Ang mga bao nito ay madalas gamiting panggatong para sa pagluluto.

Kilalanin ang ilan sa ating mga kaibigan mula sa Samoa!

Mahilig akong kumanta ng mga awit sa Primary. Ang mga paborito ko ay "Mother, Tell Me the Story" at "Ako ay Anak ng Diyos."

Mary V., edad 5, Savai'i, Samoa

Alam kong naririnig at sinasagot ng Ama sa Langit ang aking mga panalangin.

Alex S., edad 11, Upolu, Samoa

Taga-Samoa ka ba? Sulatan mo kami! Masaya kaming makarinig mula sa iyo.

Dahil nakatira sila sa mga pulo, ang mga taga-Samoa ay hindi malayo sa karagatan.

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE; LARAWAN NG MGA BABOY MULA SA GETTY IMAGES

Musika para Gumanda ang Araw

Ni David Dickson
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

Sinipa ni Elizabeth ang isang bao ng niyog sa maalikabok na daan. Nakasimangot siya habang gumugulong ito papalayo. Hindi naging maganda ang araw na ito.

Hindi talaga!

May sinabing hindi maganda si Lagi sa kanya sa paaralan. Kalaunan, nagtawanan ang ibang mga bata nang magkamali siya sa pagsagot ng isang tanong sa harap ng klase. At pagkatapos, nasira ang kanyang proyekto sa sining.

"Nakakainis!" sabi ni Elizabeth. Bakit ba napakapangit ng araw na ito?

Pumitas si Elizabeth ng isang magandang bulaklak. Kahit papaano may isang magandang bagay sa araw na ito. Maging sa isang pangit na araw sa Samoa, nakakakita siya ng magagandang bulaklak sa paligid.

Ipinulupot niya ang kulay rosas na bulaklak sa kanyang buhok at naglakad siya pauwi.

"Talofa!" sabi ni Itay. "Kumusta ang araw mo?"

Tumungo si Elizabeth. "Hindi po maganda." Nilagpasan niya ang maiingay na baboy sa kanilang bakuran at umupo siya sa tabi ni Itay sa balkonahe.

Nakaupo lang si Itay habang nakikinig sa kuwento niya tungkol sa kanyang pangit na araw.

"Nakakalungkot naman," sabi ni Itay habang yakap siya. "Nakaranas na rin ako ng mga araw na ganyan. Gusto mo bang malaman ang isang bagay na nakatulong sa akin?"

Tumango siya. "Opo, sige po!"

Nagsimulang kumanta si Itay ng isang awitin na alam na alam ni Elizabeth. Palaging kinakanta ni Itay ang magandang awiting ito ng pag-ibig para kay Inay.

Tumawa siya at itinulak niya ang balikat ni Itay. "I–taaay!"

Ngumiti si Itay. "Seryoso ako! Nakakatulong ang magandang musika para gumaan ang pakiramdam ko. Oo nga pala . . ."

Alam ni Elizabeth kung ano ang sasabihin ni Itay. Oras na para mag-ensayo sa pagtugtog ng piyano.

Higit sa lahat, gusto ni Elizabeth na matutong tumugtog ng piyano para makatugtog siya ng mga awitin sa simbahan. Nagustuhan na niya

ang pagkanta kasama ang kanyang pamilya. Lalo na kapag kasama si Itay. Pero mas mahirap ang pagtugtog ng piyano. Kailangang mahanap ng kanyang mga daliri ang mga nota.

"Parang wala po akong ganang mag-ensayo ngayon," sabi niya.

Tumayo si Itay. "Sikapin mong ituon ang iyong isipan sa tinutugtog mo. Ang mga himno ay makakatulong sa atin na mas mapalapit sa Diyos."

Pagkatapos ay hinubad ni Itay ang kanyang tsinelas at pumasok siya sa loob para tumulong sa paghahanda ng hapunan.

Hinubad din ni Elizabeth ang kanyang tsinelas at sumunod siya sa loob. Hinihiwa ni Itay ang mga gulay habang hinahalo ni Inay ang nilaga.

Ang kopya ng nota ng "Fa'afetai i Le Atua" ay nakapatong sa keyboard. Gustung-gusto ni Elizabeth ang Samoan na himnong ito. Ito ay tungkol sa pasasalamat sa Diyos.

Binuksan ni Elizabeth ang electric keyboard

MGA PAGLALARAWAN NI REBECCA SORGE

at nagsimula siyang tumugtog. "Ituon ang iyong isipan sa tinutugtog mo," sabi ni Itay.

Iyon nga ang ginawa niya. Inisip niya ang lahat ng mga bagay na ipinagpapasalamat niya. Ang kanyang pamilya. Ang kanyang bahay. Musika. Magandang Samoa.

Mas madali nang nahanap ng kanyang mga daliri ang mga nota. Makalipas ang ilang sandali, nagsimulang magbago ang damdamin niya. Nakadama siya ng kapayapaan. Ngumiti si Elizabeth. Naramdaman niya ang Espiritu Santo!

Itinigil ni Itay ang paghihiwa ng gulay. Nagsimulang humimig si Itay. Tumayo si Itay sa tabi ni Elizabeth at nagsimulang kumanta.

Patuloy siyang tumugtog, at sumali na rin si Inay. Patuloy na inisip ni Elizabeth ang lahat ng mga paraan na pinagpala siya at ang kanyang pamilya ng Diyos.

Sa dulo ng awitin, yumuko si Itay at nagtanong, "Gumaan na ba ang pakiramdam mo?"

"Opo!" sabi niya. "Tama po kayo. Nakatulong po *talaga* ang magandang musika para gumanda ang araw ko!" ●

Ano ang nakakatulong para gumaan ang pakiramdam mo sa mga pangit na araw?

Mga Bukid ng Dayami at mga Basbas ng Priesthood

Ni Elder Jack N. Gerard
Ng Pitumpu

"Ang Mangaaliw . . . ang Espiritu Santo" (Juan 14:26).

Noong bata pa ako, ang aking pamilya ay may isang maliit na bakahan at mga bukid. Ang paglaki sa isang bukid ay puno ng mahihirap na gawain.

Isang araw ng tag-init, kami ng aking kapatid ay nagtrabaho sa bukid. Malakas ang ihip ng hangin, at maraming alikabok sa hangin. Matindi ang aking allergy, at kung minsan ay nagkakasakit ako dahil sa mga alikabok mula sa mga dayami. Naluha ang aking mga mata. Nahirapan akong huminga. Nagsimulang magdugo ang aking ilong dahil sa sobrang pagkuskos ko rito.

Nang magpunta ang aking ina sa bukid at makita niya ako, pinapasok niya ako sa bahay. Pinahiga niya ako at nilagyan niya ng basang tela ang aking mukha. Pagkalipas ng ilang minuto, bumalik siya na may kasamang dalawang magsasaka. Nakasuot sila ng overall na balot ng alikabok ng dayami.

Ang mga magsasaka ay miyembro ng aming ward. Ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa aking ulo at nagsimula silang magbigay ng basbas sa akin. Hindi pa miyembro ng Simbahan ang aking ama noong panahong iyon, kaya wala siyang priesthood. Ngunit hinding-hindi ko malilimutan ang nadama ko nang basbasan ako ng mabubuting kalalakihang iyon. Nakadama ako ng kasiyahan, kapayapaan, at kapanatagan. At tila nawala na ang aking sakit.

Kalaunan sa buhay, napagtanto ko na ang nadama kong iyon ay ang Espiritu Santo. Kung minsan, ang Espiritu Santo ay tinatawag na Mang-aaliw. Gusto ko ang pangalang iyon dahil ang Espiritu Santo ang nagbigay sa akin ng kapanatagan. Bumuti ang pakiramdam ko sa labas at sa loob.

Ang Espiritu Santo ay isang malaking pagpapala. Hanapin ang kapanatagang dulot ng Espiritu Santo at sikaping mapasaiyo ito araw-araw. ●

Mula sa isang panayam kasama si Eliza Broadbent

Kapanatagan mula sa Espiritu Santo

Maraming paraan para madama mo ang kapanatagan mula sa Espiritu Santo. Ipinapakita sa maze ang ilan sa mga ito. Mahahanap mo ba ang daan palabas sa maze?

SIMULA

“Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man” (Juan 14:27).

WAKAS

MGA PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD



Maaari Akong Tulad n

Nanalangin si Enos nan
niya ang tinig ng Diyos!
sa Enos 1 sa Aklat ni M
"Nanalangin si En

Kapag Nanana

- Magsimula sa "Maha
- Magpasalamat sa Ka
- Sabihin sa Kanya kun
  buong araw o kung a
- Humingi sa Kanya ng
  manalangin para sa
  ng tulong.
- Tapusin ang panalan
  pangalan ni Jesucrist
- Maglaan ng oras par

Maaaring hindi mo marin
Enos, pero maaari kang m
tulad ng sa pamamagitan
matagal dumating ang m

Idi
ang mg
wang ito sa
na kahon o sa i
karton para mak
tagpo ng kuwento



g Manalangin
ni Enos

g buong araw at narinig
Basahin ang tungkol dito
Mormon o sa kuwentong
os” sa pahina K20.

langin Ka:

l kong Ama sa Langit . . .”
anya para sa mga pagpapala.
ng ano ang nangyari sa iyo
ano ang iyong nararamdaman.
g mga kinakailangan mo o
mga taong nangangailangan

gin sa pagsasabi ng “Sa
o, amen.”
ra makinig sa Espiritu Santo.

ig ang tinig ng Diyos sa paraang naranasan ni
nakatanggap ng mga sagot sa iba pang paraan,
ng mga kaisipan o damdamin. Kung minsan,
ga sagot. Pero *palagi* kang mahal ng Diyos!

ikit
ga lara-
isang maliit
isang piraso ng
kagawa ng isang
tungkol kay Enos.

MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

Ipakita at Ikuwento



Noong nabinyagan ako, masayang-masaya ako na gawin ang mahalagang hakbang na iyon, nalalamang sinunod ko si Jesus sa pamamagitan ng pagpapabinyag at pagpapakumpirma.

Sary Del Mar R., edad 8, Valle del Cauca, Colombia

Isang napakagandang araw kapag magkakasamang nakaupo ang pamilya para manood ng pangkalahatang kumperensya.

Faith M., edad 9, Dar es Salaam, Tanzania

Dapat tayong manalangin sa Ama sa Langit na tulungan tayo.

Yohann P., edad 8, Brittany, France

Gusto ko ang pangkalahatang kumperensya dahil napapanood ko ang propeta na nagsasalita at nagbabahagi ng kanyang patotoo. Tinutulungan niya akong maunawaan kung ano ang nais ipagawa sa akin ng ating Ama sa Langit.

Fuki M., edad 10, Shizuoka, Japan



Mahal ko ang Ama sa Langit. Natutuwa Siya kapag gumagawa ako ng mabubuting bagay. Nagpapasalamat ako sa Kanya para sa lahat ng ibinibigay Niya sa akin.

Vlad, edad 4

Mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit ang pamilya. Gusto kong makapiling ang aking pamilya magpakailanman sa langit. Lahat kami ay magkakasamang nananalangin, at pinapalakas at tinutulungan namin ang isa't isa. Mahal ko ang aking pamilya.

Katya, edad 10

Hanapin Ito!

Ang pamilyang ito ay masayang nagtutulungan para makahanap ng pagkain. Makakahanap ka ba ng 15 niyog? Pagkatapos ay hanapin ang iba pang mga bagay na nakatago.



PAGLALARAWAN NI CHUCK DILLON

Ni Marissa Widdison
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

PANANALANGIN
para kay Tito Dan

Mahilig manalangin si Isabelle! Paggising niya, nananalangin siya. Pinasasalamatan niya ang Ama sa Langit para sa sikat ng araw at isang bagong umaga.

Sa oras ng tanghalian, ikinukuwento ni Isabelle sa Ama sa Langit kung ano ang nangyari sa kanya sa buong umaga. Nananalangin siya na tulungan siyang maging mabait sa kanyang mga kapatid kapag nakauwi na sila mula sa paaralan.

Sa oras ng pagtulog, magkakasamang nananalangin ang pamilya ni Isabelle. Palagi silang nagsisimula sa pananalangin para sa mga tao na maaaring nangangailangan ng mga karagdagang pagpapala.

Ngayong gabi, sabi ni Itay, "Manalangin tayo para kay Tito Dan. Nawalan ng trabaho si Tito Dan."

Nalungkot si Isabelle. Wala siyang masyadong

alam tungkol sa trabaho ng matatanda, pero alam niya na hindi maganda na mawalan ng trabaho. Mahal niya si Tito Dan. Mahilig mag-luto ng masarap na popcorn si Tito Dan. At noong huling bumisita si Tito Dan, ipinakita nito sa kanya kung paano mag-cartwheel!

"Mananalangin po ako na makahanap ng trabaho si Tito Dan," sabi ni Maria. Isa si Maria sa mga nakatatandang kapatid ni Isabelle. Noong gabing iyon, si Maria ang nakatokang manalangin nang malakas para sa pamilya.

Kinabukasan, itinanong ni Isabelle kay Itay kung nakahanap na ng trabaho si Tito Dan.

"Hindi pa," sabi ni Itay. "Kung minsan, hindi kaagad sinasagot ang mga panalangin."

"Dapat po ba patuloy tayong manalangin para kay Tito Dan?" tanong ni Isabelle.

Tumango si Itay. "Malaki ang maitutulong niyon kay Tito Dan."

Araw-araw, patuloy na nanalangin si Isabelle at ang kanyang mga kapatid para kay Tito Dan. Nanalangin sila na makahanap na ng trabaho si Tito Dan. Nanalangin sila na magka-roon ng sapat na pera si Tito Dan para sa mga pangangailangan nito. Nanalangin sila na makadama ng pagmamahal si Tito Dan.

Natuwa si Isabelle na natulungan niya si Tito Dan sa pamamagitan ng kanyang mga panalangin. Ang pananalangin para kay Tito Dan ay nagpasaya at nagpalakas sa kanya.

Tinulungan din nila si Tito Dan sa ibang mga paraan. Isang araw, tinulungan nila si Tito Dan na linisin ang bahay nito. Noong isa pang araw, bumisita sina Isabelle at Inay para manood ng isang pelikula kasama si Tito Dan.

Lumipas ang mga linggo. Sa wakas, may magandang balita si Itay.

"May dalawang interbyu para sa trabaho si Tito Dan ngayong linggo!" sabi ni Itay.

Natuwa si Isabelle. Natuwa siya na maaari siyang manalangin para sa mga taong mahal niya. ●

MGA PAGLALARAWAN NI HOLLY JONES

Para kanino ka maaaring manalangin?

Kapag nakikinig ako sa mga propeta,
lumalakas ang aking pananampalataya kay Jesucristo!

(Tingnan sa Jacob 4:6.)



PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Ang Kamay ni Jesus na Handang Tumulong

PAGLALARAWAN NI MAREN SCOTT



Arsen, edad 9

Minsan ay nagpunta kami sa isang palaruan para sa mga bata. Mayroong isang napakataas na burol doon na kinakailangang akyatin gamit ang lubid. Ilang beses ko iyong sinubukang akyatin, pero hindi ko maabot ang tuktok. Bago ko pa man maabot ang tuktok, dumadausdos na ako pababa ng burol.

Pakiramdam ko ay hindi ko na maaabot ang tuktok. Pagkatapos, biglang umakyat ang isang empleyado sa burol at iniabot niya sa akin ang kanyang kamay mula sa tuktok. Dahil sa kanyang tulong, madali kong naabot ang tuktok.

Sa sandaling iyon, naisip ko si Jesus. Ganoon rin ang ginagawa Niya para sa atin. Kapag ginagawa na natin ang lahat ng ating makakaya pero hindi pa rin natin maabot ang ating mithiin, iniaabot Niya sa atin ang Kanyang kamay na handang tumulong. Ang karanasang ito ay napakaespirituwal para sa akin, at maaalala ko ito sa buong buhay ko. ●

Nanalangin si Enos

Nangangaso si Enos sa kagubatan. Nagsimula siyang mag-isip tungkol sa Diyos.

ILLUSTRATIONS BY APRYL STOTT

Gusto niyang mas makilala pa ang Diyos. Kaya nanalangin siya. Narinig niya ang tinig ng Diyos!

Sinabi ng Diyos na dahil nanampalataya si Enos kay Jesus, ang kanyang mga kasalanan ay pinatawad. Naging masaya si Enos. Pero hindi siya tumigil sa pananalangin.

Nanalangin si Enos para sa kanyang mga kaibigan. Nanalangin siya para sa kanyang mga kaaway. Nanalangin siya tungkol sa mga banal na kasulatan. Patuloy siyang nanalangin sa loob ng mahabang panahon!



Maaari akong manalangin sa Diyos anumang oras, saanmang lugar. Matutulungan ko ang ibang tao sa pamamagitan ng pananalangin para sa kanila. ●

Basahin ang tungkol sa kuwentong ito sa aklat ni Enos.

Nanalangin si Enos nang may Pananampalataya

Sino ang nangangailangan ng iyong mga panalangin ngayon?

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Mahal Naming mga Magulang,

Ang magasin sa buwang ito ay nagkukuwento tungkol kay Enos. Maraming beses siyang tinuruan ng kanyang mga magulang tungkol sa ebanghelyo. Sa huli, ang kanilang mga salita ay "tumimo nang malalim" sa kanyang puso (Enos 1:3). Dapat madalas tayong magbahagi ng ating mga patotoo sa ating mga anak. Hindi natin alam kung kailan makakagawa ng kaibhan ang ating mga salita.

Ilang beses mahahanap ng iyong pamilya ang mga salitang "manalangin" sa isyung ito?

Masaya ang Diyos kapag kinakausap ninyo Siya!

Ang *Kaibigan*

PAANO IPAPADALA ANG LIKHANG-SINING O KARANASAN NG IYONG ANAK SA *KAIBIGAN*

Pumunta sa liahona.ChurchofJesusChrist.org at pindutin ang "Submit an Article or Feedback." O i-email ito sa amin sa liahona@ChurchofJesusChrist.org kalakip ang pangalan, edad, at lungsod na tinitirhan ng inyong anak, at ang pahayag na ito ng pagpapahintulot: "Ako, si [ilagay ang iyong pangalan], ay nagbibigay ng pahintulot sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na gamitin ang isinumite ng aking anak sa mga magasin ng Simbahan, sa mga website at social media platform ng Simbahan, at maging sa mga ulat, produktong inilimbag, video, lathalain, at materyal sa pagsasanay ng Simbahan." Nasasabik kaming makarinig mula sa iyo!

Hanapin ang nakatagong Liahona sa loob!

MGA NILALAMAN

K2 Mula sa Unang Panguluhan: Paano Tayo Kinakausap ng Ama sa Langit?

K4 Ang Panaginip ni Anthony

k6 Hello mula sa Samoa!

K8 Musika para Gumanda ang Araw

K10 Mga Bukid ng Dayami at mga Basbas ng Priesthood

K12 Maaari Akong Manalangin Tulad ni Enos

K14 Ipakita at Ikuwento

K15 Masasayang Bagay: Hanapin Ito!

K16 Pananalangin para kay Tito Dan

K18 Magandang Ideya

K19 Ang Kamay ni Jesus na Handang Tumulong

K20 Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Nanalangin si Enos

K23 Pahinang Kukulayan: Nanalangin si Enos nang may Pananampalataya

SA PABALAT NG *KAIBIGAN*
Paglalarawan ni Ben Simonsen

© 2020 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

TAGALOG
4 021671 188933 3